



Ng Kabataang May Kapansanan

Bukas Pinto para sa Pamilyang May Iba't
Ibang Kultura
www.multiculturalfamilies.org



Misyon

Ang misyon ng Bukas Pinto para sa Pamilyang May Iba't Ibang Kultura ay tiyakin na ang sari-saring pamilya ng may kapansanan sa pag-unlad at may espesyal na pangangailangang pangkalusugan ay may pantay na paraang makakuha ang impormasyong angkop sa kultura at wika, pinagkukunan at serbisyo.

24437 Russell Rd Suite 220,
Kent WA 98032

Phone: 253-216-4479 Fax: 253-499-0014

www.multiculturalfamilies.org

Pagkikilala

Itong Gabay ng Pinagkukunang Impormasyon ay nabuo mula sa pondo ng *U.S. Kagawaran ng Edukasyon, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Rehabilitasyon* (OSERS), #H235F140013. Ang nilalaman nitong gabay ay hindi kumakatawan sa polisiya o sumasalamain sa pananaw ng *U.S. Kagawaran ng Edukasyon, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Rehabilitasyon* (OSERS). Walang pahiwatig na ito ay may opisyal na pag-eendorso ang **Pamahalaang Pederal**.

Ang Bukas Pinto para sa Pamilyang May Iba't Ibang Kultura ay bumuo nitong gabay sa tulong ng Sentro para sa Pagbabago sa Seribisyong Transisyon. Maaaring kopyahin ng mga indibidwal ang anumang bahagi nitong dokumento. Kung maari ay isaalang-alang ang pinagkunan at suporta ng pondong pederal. Ang impormasyon tungkol sa proyekto ay makikita sa: <http://multiculturalfamilies.org/wordpress/youth-transition-program/>.

Itong gabay ay nilikha gamit ang LifeCourse Framework, na binuo ng UMKC Instituto Para sa Kaunlarang Pantao, UCEDD, at pinayagang gamitin sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Non Commercial-Share Alike 4.0 International License. Karagdagang kasangkapan at materyales ay nasa lifecoursetools.com.

Mga Importanteng Taga-Ambag ng Komunidad

Nais naming mag-abot ng espesyal na pasasalamat sa mga magulang ng iba't ibang kultura at wika, at sa mga tagapagtaguyod sa sarili para sa pamamahagi ng kanilang mga karanasan at payo.

Mga Magulang

Ginger
Lul
Min
Nam
Rocio

Mga Tagapagtaguyod sa Sarili

Fathi
Jean
Ky

Mai
Mickle
Rahma
Ros
Selim

Talaan ng Milalaman

Panimula	3
Sino ang dapat magbasa nitong gabay sa tansisyon?	3
Bakit kailangan ng gabay para sa transisyon?	3
Transisyon: Ano iyon? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo?	4
Pinagsasama-samang Suporta at Serbisyo	5
Kilalanin si Mickle at ang Kanyang Sistema ng Pinagsama-samng Suporta	6
Unang Skesyon	7
Kabataan, Personal na Pagtuklas at Transisyon	7
Pagtutuklas: Sino Ako?	9
Ano ang Pansariling Sentrong Pagpapalano?	9
Bakit importante ang PCP?	9
Kilalanin si Mickle at ang Kanyang Pamilya	10
Pagtutuklas: Ano ang aking gusto para sa hinaharap?	11
Payo sa Pamilya: Bakit mahalagang ang maagang pagpapaloano?	11
Pananaw ni Micle at ng kanyang Pamilya sa hinaharap	12
Mga karanasang sumporta kay Mickle sa panahon ng transisyon	12
Paano sinuportahan n gaming pamilya si Mickle sa panahon ng transisyon	13
Pagtutuklas: Paano ko makukuha ang kailangan kong suporta?	13
Ano ang Pagasisiwalat ng Kaoansanan?	15
Ano ang Pagsisiwalat ng Kapanganan?	15
Payo: Pakikipag-usap ng pamilya at mga kaibigan tungkol sa paghahayag at sariling-tagapagsuyod	16
Paano tumulong ang Pamilya?	16
Mapagkukunan	17

Bago magsimula: Mga Kasangkapan Dapat Isaalang-alang

Habang papunta ang kabataan sa pagtanda, nagiging mahalaga ang preparasyon. Nakakatulong pag-isipan ang kinabukasang nais ng kabataan at ng pamilya. Ang paghanap ng tamang suporta ay nakakatulong sa kabataan at pamilya tungo sa kanilang pangarap sa malayong kinabukasan.

Pagplano sa Daloy ng Buhay:



Ang framework sa itaas ay tumutulong sa mga indibidwal ng lahat ng kakayahan at edad at ang kanilang pamilya upang:

- makabuo ng plano para sa magandang buhay.
- mag-isip kung ano ang kailangang malaman at gawin.
- alamin kung paano maghanap o bumuo ng suporta.
- matuklasang ano ang kailangan upang mamuhay ng buhay na nais.

Ang Charting Life Course ay framework ng Family to Family Life Course Network | UMKC IHD, UCEDD.

May karagdagang materyales sa lifecoursetools.com

Paano makakatulong itong gabay?

Kapag isinama natin ang pagkakaibang kultural at wika sa proseso ng transisyon, ang paghahanda tungo sa pagtanda ay nagiging masalimuot. Sa tulong ng gabay na ito, inaasahang ang mga pamilya at kabataan ay:

- makakapagsabi ng indibidwal at pampamilyang pangangailangan
- makakapagtrabaho kasama ang grupo ng transisyon
- makakakumpleto ng mga aplikasyon para sa serbisyo bago iwanan ng kabataan ang paaralan
- makakapag-ugnayan sa mga taong susuporta at mahahalagang pagkukunan para sa buhay pagkatapos ng pag-aaral

Paano nakaorganisa itong gabay?



Panimula: Ano ang Transisyon?



Seksyon 1: Personal na Pagtutuklas at Pagtataguyod sa Sarili



Seksyon 2: Transisyon sa Paaralan



Seksyon 3: Mga Pagpipilian sa Pang-Araw-Araw na Buhay



Seksyon 4: Kaligtasan at Seguridad



Apendiks: Pinagkukunan

Sino ang dapat magbasa nitong gabay sa transisyon?

Kung ikaw ay isang kabataan na nasa pagitan ng edad na labing-anim hanggang dalawaput-isa na may kapansanan, ang aklat na ito ay aming isinulat para sa iyo at sa iyong pamilya. Sa panahon ng transisyon, sa oras ng paglipat mo mula mataas na paaralan papunta sa buhay ng tamang gulang, importante para sa mga kabataan at sa kanilang pamilya na magkaroon ng aktibong papel o tungkulin sa **pagpapalano sa transisyon**.



Ang gabay na ito ay napaka mahalaga para sa mga pamilyang nangangailangan ng karadagang tulong at oras upang maunawaan ang proseso ng transisyon at upang malaman kung saan mapgkukunang kaalaman na handing gamitin.

Bakit kailangan ng gabay para sa transisyon?



Usaping Kultura

Ang mga pamilya ay mula sa iba't ibang kultura. Ang paniniwala at halaga ng isang pamilya ay maaring iba sa mga propesyonal. Ang gabay na ito ay makakatulong sa mga kabataan at kanilang pamilya na kumilala ng pagkakaiba at gumawa ng matalinong pagpapasya para sa mas makakabuti para sa kanila.

Usaping Pagpapalano

Hindi natin alam ang hinaharap, ngunit maari natin itong paghandaan. Ang ilang pamilya ay nangangailangan ng tulong upang maghanda para sa hinaharap. Ang kaalaman kung saan maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa yaman ng transisyon ay maaring makatulong sa pamilya at sa kabataan upang makuha ng kailangan nilang serbisyo.

Usapin ng Oras

Ang pagpaglalapat sa mga serbisyo ay masasangkot rin sa transisyon. Ang mga matatandang may kapansanan ay kailangang maging kwalipikado para makatanggap ito ng mga serbisyo. Importante rin na magsimula sa pagpapalano ng maaga ang ilang mga kabataan, kailangan ng dagdag na oras upang matutunan at makasanayan ang kailangan bilang isang taong nasa sapat na gulang.



Transisyon: Ano iyon? Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo?

Sa panahon ng mataas na paaralan, ang silatang **transisyon** ay paulit-ulit na lumilitaw.


Pagbabago ay isang mahalagang panahon para sa kabataang nasa edad 16 hanggang 21 taong gulang. Tulad ng sinasabi ng mga taong nasa edad mo, maaaring ikaw ay nasa mataas na paaralan at nakatira sa bahay kasama ang iyong pamilya. Maraming tugmang suporta pamilya, propesyonal ay tulong-tulong sa pang-araw-araw na buhay. Gayunman, kapag nakapagtapos ka na sa pag-aaral, ang ilang bahagi ng iyong buhay ay magbabago. Hindi ka na papapasok sa mataas na paaralan. Paano mo gugugulin ang iyong araw? Maaring ikaw ay nakatira na sa iyong sariling apartment. Maaring ikaw ay papasok sa kolehiyo o maghanap ng trabaho. Maraming magbabago, at ang preparasyon na iyon ay tinatawag na **transisyon**.



Bawat tao ay nangangailangan ng suporta sa buhay. Gayonn pa man, ang kaalaman kung saan makakahanap ng suporta at kung sino ang dapat tanungin ay mapanghamon para sa ibang tao. Alam mo ba kung paano makipag-usap tungkol sa iyong pangangailangan? Alam mo ba kung sino ang dapat mong lapitan at hingan ng suporta kung kailangan mo? Alam mo ba kung paano magplano para sa suporta na kailangan mo? Ang lahat ng mga katanungan ay bahagi ng **transisyon**.

Pinagsasama-samang Suporta at Serbisyo

Sa buong manwal na ito, gagamitin natin ang modelo sa ibaba upang matulungan ang mga kabataan at mga pamilya na tuklasin at magtatag ng ibat-ibang uri ng suporta. Ang bawat tao ay nangangailangan ng suporta sa buhay, at ang iba't ibang uri ng suporta at serbisyo ay makakatulong sa atin patungo sa buhay na nais natin. Ang kagamitan sa ibaba ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilyang na isipin kung paano hanapin ang tamang suporta para sa iyong hinaharap. Mga uri ng suporta ay kinabibilangan ng:



Tuklasin ang balangkas na gamit ang Buhay Kurso (LifeCourse) sa www.lifecoursetools.com/

Kilalanin si Mickle at ang Kanyang Sistema ng Pinagsama-samng Suporta



BATAY SA TEKNOLOHIYA

Ginagamit ko ang orasan para itakda ang aking oras na nagsasabi sa akin na ako ay tapos na sa aking trabaho at mga gawain. Tinutupi ko ng mga kahon ng pizza. Ang aking Teknolohiyang Pang tulong ay gawa sa isang tubo na nakakatulong sa akin upang bilangin ang 10 kahon ng pizza.

Gumagamit ako ng mga galaw para makipag-ugnayan, pero meron akong ugnayang Kagamitan para kung sakaling gusto kong gamitin ito para sa pakikipag-usap.

PANSARILING KALAKASAN AT KAKAYAHAN

Pala-kaibigan ako, masayahin at matuwain. Ako ay madaling makihalubilo at makisama sa tao. May maganda akong ngiti, laging handing tumulong sa tao. May malakas at aktibo akong pangangatawan.

BATAY SA RELASYON

Tinutulungan ako ng aking Ina at Ama sa aming tahanan at aming komunidad. Ang aking mga kapatid na babae ay malayo dahil sila ay nasa Kolehiyo, pero tinutulungan nila ako kapag sila ay nasa aming tahanan. Ang aking superbisor at mga katrabaho ay tumutulong sa akin kung ako ay nangangailangan ng tulong sa aking trabaho.



Dumadalo ako sa simbahan at sumasali sa Espesyal na Olimpiks at maraming mga okasyon at aktibidad ng mga lokal na sentro ng komunidad. Nakikilala ko ang mga tao doon at tinutulungan nila ako kung kailangan ko ng suporta!


BATAY SA KOMUNIDAD

Tinulungan ako ng aking mga magulang na dumulog para sa serbisyo na kung saan ako ay angkop para sa may edad na may kapansanan, may pondo para sa aking tagapag-alaga na siyang magdadala sa akin para sa Espesyal na Olimpiks at ibang mga aktibidad. Tinutulungan ako ng aking tagasanay sa trabaho para makakuha ng trabaho sa pizza at matutunan ang mga iba pang gawain sa trabaho. Ginagawa kong mag-isa ang lahat ng serbisyo sa aking trabaho.

KARAPATDAPAT -KATYAKAN



Unang Skesyon Kabataan, Personal na Pagtuklas at Transisyon



Unang Seksyon: Sariling Pagtutuklas & Sariling Katiyakan



Anong uring suporta ang kailangan natin sa buhay? Sa pangkat na ito, tayo ay nagtatanong ng mahahalagang tanong tungkol sa kung anong nais mo sa iyong buhay at kung paano magplano sa iyong kinabukasan.

Ang Pangkat na ito ay sumasakop:

1. Pagtutuklas: Sino Ako? Pagplano ng Transisyon na Nakasentro sa Tao
2. Pagtutuklas: Ano ba ang gusto ko para sa hinaharap?
3. Pagtutuklas: Paano ko makukuha ang suportang nais ko ko para sa hinaharap?
4. Payo: Pamilya at mga Kaibigan ay ibabahagi ang kanilang karanasan
5. Payo: Propesyonal na Opinyon
6. Kayamanan

Para sa Kabataan:

- Tuklasin ang iyong mga interes, kagustuhan, mga kakayahan at mga pangangailangan ng suporta.
- Magsanay sa paggawa ng desisyon at tanggapin ang pananagutan para sa iyong sariling mga desisyon.
- Makipag-usap kung ano ang gusto at mga kailangan sa mga tao na sumusuporta sayo.
- Magsanay sa pagpapahayag ng kapansanan - kailan, ano at kanino ibabahagi ang impormasyon tungkol sa iyong kapansanan
- Magsanay sa paghiling ng akomodasyon

Para sa Pamilya at Tagapag-alaga:

- Suportahan ang kabataan sa pagtuklas ng kanilang mga interes, kakayahan, at pananaw para sa hinaharap
- Maniwala sa kapasidad ng kabataan na gumawa ng kanilang sariling desisyon at suportahan ang kanilang mga desisyon.
- Alamin ang mga pangangailangang suporta ng kabataan at tulungan sila na magsanay ng pagpapahayag ng kanilang kapansanan at humiling ng akomodasyon
- Himukin ang mga kabataang na magkaroon ng mga bagong karanasan na makakatulong maabot sa kanilang mga layunin sa buhay.

Pagtutuklas: Sino Ako?



Ano ang Pansariling Sentrong Pagpaplano?

Ang **Pansariling Sentrong Pagpaplano Person-Centered Planning (PCP)** ay isang proseso ng pagpaplano na nahimok ng pagtuun pansin sa buong pagkatao (kabataan) na may suporta mula sa mga taong may alam tungkol sa kanya. Ang PCP ay nag-aalok ng isang paraan upang matuklasan kung sino ang tao, kung ano ang gusto nila sa buhay, at kung paano suportahan ang tao.



Bakit importante ang PCP?

Ang pamilya, mga kaibigan at mga guro ay nag-aalok ng suporta para sa mga kabataan sa tahanan, paaralan o sa komunidad. Gayon pa man, kapag ang isang kabataan ay naging isang matanda, ang suporta mula sa paaralan at mga guro ay matatapos. Kailangan maunawaan ng mga bata ang kanilang mga sarili at ipahayag ang kanilang mga pangangailangan, mayroon man o walang suporta ng pamilya. Upang matuto ng higit pa tungkol sa PCP at kung paano makakakuha ng suporta sa proseso ng pagplano, suriin ang pahina ng mapagkukunan.

Kilalanin si Mickle at ang Kanyang Pamilya



Si Mickle ay dalawampung isang taong gulang at magtatapos sa taong ito mula sa **programang transisyon** na may trabaho. Siya ay isang masayang binata at mahilig magmasid sa mga tao. Dahil sa kanyang autism, siya ay maraming kailangang suporta, lalung-lalo na sa kanyang pakikipag-ugnayan. Ang kanyang pakikipag-ugnayan sa pakikipag-usap ay laging sa pamamagitan ng paggalaw ng kanyang katawan, dahil hindi siya mahilig sa mga pantulong na teknolohiya.



Noong paglipat niya mula sa elementary sa gitnang paaralan, siya at ang kanyang pamilya ay nagsimula na gawin ang PCP. Ito ay nakatulong sa kanila na mas matuto ng higit pa tungkol sa kung sino si Mickle, kung ano ang kanyang kakayahan at kung ano ang gustong-gusto niya gawin, tinukoy nila ang suporta na kailangan niya at ang mga layunin ng pamilya at pangarap para kay Mickle. Dahil sinimulan nila ang PCP ng mas maaga, si Mickle at ang kanyang pamilya ay naghanda sa mga pagbabago na maaring dumating kasama ng transisyon. Karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunang para sa **PCP** ay makukuha sa sa pahina ng mapagkukunan (p.16).

Pagtutuklas: Ano ang aking gusto para sa hinaharap?

Ang ilang kabataan ay maaaring alam kung ano ang nais nila para sa kanilang buhay – kumuha ng trabaho, mag-aral ng kolehiyo, o pagkakaroon ng pangmatagalang libangan. Ang ilang kabataan at ang kanilang mga pamilya ay maaring hindi alam kung ano ang nais nila sa hinaharap.

Gayunman, ito ay mahalaga upang matuklasan kung ano ang gusto at hindi gusto ng kabataan at pamilya para sa buhay matapos ng mataas ng paaralan. Ang matagumpay na paglipat ay nangangailangan ng unti-unti na pagpaplano. Ang mga pamilya at mga kabataan ay magkakaroon ng mas magandang resulta kung ang mga ito ay bumuo ng plano para sa kung ano ang kailangan ng mga kabataan upang matuto at kung aling mga karanasan at mapagkukunang tulong para sa kanila na maghanda para sa buhay matanda.

Payo sa Pamilya: Bakit mahalagang ang maagang pagpaploano?



“Para sa amin, ang trabaho ay isang mahalagang parte ng buhay. Gustong gusto ni Mickle na laging nasa paligid ng mga tao, sa gayon siya ay magkaroon ng mas magandang buhay kung siya ay may aktibidad o trabaho na magbibigay-daan sa kanya sa mga tao. Sa pagpaplano sa transisyon, naisip namin ang mga bagay na kailangan niya para magawa nang

nakapag-iisa. Kailangan niya magkaroon ng pag-uugali na kayang tanggapin ng mga tao. Dapat niyang maunawaan ang mga pangunahing tagubulin. Ang mga ito ay mga bagay na naisip namin. Marami pang dapat matutunan si Mickle, kaya nagsimula kami ng maaga at inalam kung anong klaseng suporta ang dapat sa kanya”

Pananaw ni Micle at ng kanyang Pamilya sa hinaharap

Ano ang AYAW ko:

Tratuhin ng walang galang
Paggawa ng ibang tao ng desisyon
para sakin
Maging mag-isa at nakahiwalay sa
lahat
Mabatili sa bahay buong araw



Ang pananaw ko para sa **MAGANDANG** buhay:

Mapaligiran ng mga taong mahal ko
Igalang at maging masaya
Kumuha ng trabaho
Maglibang

karanasang sumporta
transisyon

kay Mickle

sa panahon ng



Natutunan ang panlipunan at mga
kasanayan sa buhay sa tahanan at
paaralan



Naboluntaryo sa simbah an
kasama ang tatay.



Sumali sa Palarong
Olimpiko



Nakahanap ng mapag
lilibangan sa komunidad

Paano sinuportahan n gaming pamilya si Mickle sa panahon ng transisyon



“Nakita naming na ang maraming magulang ay natatakot para sa kanilang mga anak na may kapansanan na sumubok ng bagong karanasan. Ngunit kung palagi nating sasabihin sa kanilang “Huwag,” matatakot silang subukan ang kahit na ano at maniwala sa sarili nila. Hinayaan naming si Mickle na sumubok ng bagong mga karanasan mula noong bata palang siya. Siya ay nagkakamali

rin, ngunit hindi namin ginagawang malaking bagay ang mga ito.

Dahil alam naming na maraming oras ang kailangan upang masanay si Mickle sa mga bagong karanasan, hindi naming inaasahang maging perpekto siya. Mas mahalagang bilangin ang kanyang mga tagumpay kaysa sa mga bagay na di niya kayang gawin.”

Pagtutuklas: Paano ko makukuha ang kailangan kong suporta?

Ang mga tao ay gumagamit ng kumbinasyon ng suporta upang humantong sa buhay na nais nila. Ang makagamit ng iba’t ibang uri ng suporta at mga mapagkukunan ay makakakatulong sa kabataan na mapalaki ang posibiliad. Upang makapagsimula, alamin ang tungkol sa iba’t ibang uri ng suporta.

Ang Sistemang ngd Pinagsama-samang suporta ni Mickle



Ang **Talaan ng Gabay sa buhay** ay isang kapaki-pakinabang na kagamitan upang mapalawak ang iyong pag-iisip tungkol sa hinaharap. Maari rin itong makatulong sa iyon na makipag-usap sa mga taong sumusuporta sa iyo sa proseso ng transisyon.

www.lifecoursetools.com/planning/

Ano ang Pagasisiwalat ng Kaoansanan?

Kapag ang mga indibidwal na may kapansanan ay tumanda, magkakaroon ng sitwasyon kung kailan kailangan nilang ipaliwanag ang tungkol sa kapansanan. Gayunman, ang **Pagsisiwalat ng Kapansanan** ay isang pagpili. Ang isang indibidwal na may kapansanan ay hindi kailangang ibahagi ang kanilang personal na impormasyon maliban kung ang pagsisiwalat ay kailangan.



Minsan kailangan mong makipag-usap tungkol sa iyong karanasan upang humingi ng suportang kailagan mo. Ang kapansanan ay hindi isang bagay na masama o kahiya-hiya. Ito ay bahagi ng kung sino ako. Mayroon akong pagpipilian kung kailan at kung sino ang kakausapin ko tungkol sa kapansanan ko – tulad sa kolehiyo o trabaho. Inirerekumenda ko na alam ng mga tao kung paano ibunyag ang kapansanan nila dahil maaaring kailangan nila ng akomodasyon.

Nang walang suporta, maaari itong maging mahirap na magtagumpay sa iyong trabaho o edukasyon.

Akomodasyon ay anumang pag-aayos ng isang indibidwal na may kapansanan ay nangangailangan na makamit ang pantay na pagkakataon sa paaralan, trabaho at sa komunidad.


Upang matuto nang higit pa tungkol sa **Paghahayag ng Kapansanan at Akomodasyon**, tignan ang pahina ng mapagkukunan (p.16).

Ano ang Pagsisiwalat ng Kapanganan?

Habang ang mga kabataang may kapansan ay pumapasok sa paaralan, ang kanilang pamilya, mga guro at ang propesyonal ay nauunawaan ang kanyang pangangailangan at inaayos ang akomodasyon para sa kanila. Gayunman, kapag ang isang kabataan ay umalis ng paaralan at tumanda, hindi awtomatiko ang akomodasyon. Ang suporta ay hindi ibinibigay hanggang siya ay humiling ng akomodasyon. Ito ay napakahalaga upang maunawaan kung paano humingi ng akomodasyon.

Guro ng Espesyal na Edukasyon at Sentro ng Malayang Pamumuhay ay maaring makatulong sa mga kabataan at kanilang mga pamilya na maunawaan ang **paghahayag ng kapansanan**. Maari rin silang makatulong sa mga kabataan at kanilang pamilya sa pagsasanay sa pagbabahagi ng pansarili na impormasyon tungkol sa kapansanan at paghiling ng akomodasyon. Karagdagang impormasyon tungkol sa Sentro ng Malayang Pamumuhay ay magagamit sa online at sa pahina ng mapagkukunan (p.16).

Payo: Pakikipag-usap ng pamilya at mga kaibigan tungkol sa paghahayag at sariling-tagapagsuyod



Ang pamilya ay dapat magtakda ng mataas na ekspektasyon at hindi nagiisip na hindi kayang gawin ang ilang bagay nang dahil sa kapansanan. Oo, Ito ay magiging mahirap kung minsan, ngunit suporta at paghihikayat ay makakatulong sa mga kabataan an subukan ang mga bagong mga karanasan. Ang aking anak na lalaki ay may kapansanan, pero alam kong may kakayahan siyang matuto ng maraming bagay. Oras at suporta ang tutulong sa kaniya kung anong kailangan niya.

Mahalaga na malaman kung panno at kalian paguusapan ang tungkol sa kapansanan. Natutunan ko kung paano gumawa ng pagpapasya sa pamamagitan ng akng sarili at suporta galling sa pamilya, mga guro at iba pang tao sa buhay ko. Natuklasan ko ang aking kakayanan, gusto at hindi gusto. Sinubukan ko ang ibat iabng mga gawain, tulad ng pag-volunteer sa komunidad. Natuklasan ko ang higit pa tungkol sa aking sarili at natutunan kung paano maging responsible sa para sa aking mga desisyon. Ang bawat isa ay maaaring matuto mula sa pagkakamali.



Kung ikaw ay nakapadepende sa iyong mga magulang sa pakikipag-usap para sa iyo, ang mga tao ay hindi alam kung ano ang iyong gusto at kung ano ang hindi mo gusto. Ito ang mahalaga para sa iyo uapang makipagusap. Magsalita, sabihin mo sa iyong pamilya at mga guro kung ano ang nais mong gawin. Kung hindi ka magsasalita, hindi ka nila matutulungan at maaaring mong gawin ang hindi mo gusto.

Paano tumulong ang Pamilya?

Ang pamilya ay maaring makatulong sa mga kabataan sa pamamagitan ng pag-aral tungkol sa **Paghahayag ng Kapansanan**, kung kailan at kung bakit mahalaga upang ibahagi ang impormasyon tungkol sa kanyang kapansanan. Para sa karagdagang kaalaman o upang humingi ng tulong, suriin ang pahina ng mga mapagkukunan sa dulo ng seksyong ito (p. 16).

Mapagkukunan

Sentro sa Taong Pagpaplano

Suporta Batay sa Indibidwal at Relasyon: Handang gawin ang iyong personal na detalye kasama ang pamilya at mga kaibigan

- Ang Plano ko sa buhay: <http://www.mylifeplan.guide/>
- Talaan ng gabay sa buhay at isang pahina ng detalye: <http://www.lifecoursetools.com/planning/>

Saan makakauha ng impormasyon tungkol sa mga personal na tulong sa PCP?

Suporta at Mapagkukunan na Batay sa Suporta ng Komunidad

- Ipaalam sa mga Pamilya: <http://informingfamilies.org/person-centered-planning/>
- Washington PAVE: <http://wapave.org/programs/person-centered-planning/>
- Bukas ang pinto para sa pamilyang maraming kultura: <http://multiculturalfamilies.org>
- Sentro Malayang Pamumuhay: Hanapin ang local na kabanata sa <http://www.wasilc.org/> sa ilalim ng “IL center” tab
- Ang balangaw: Hanapin ang local na kabanata sa http://arcwa.org/aboutus/local_arc_chapters

Suporta Batay sa Pagiging karapat-dapat at Mapagkukunan:

- Kung ikaw ay kliyente ng **Developmental Disabilities Administration (DDA)** o ng **Division of Vocational Rehabilitation (DVR)**, makipag-ugnayan sa iyong manager.

Sariling-Adbokasiya & Pagbubunyag ng Kapansanan

Suporta at Mapagkukunan Batay sa Komunidad

- Sentro ng Malayang Pamumuhay: Hanapin ang iyong local na kabanata sa <http://www.wasilc.org/> under the “IL center” tab
- Ang balangaw: hanapin ang local na kabanata sa http://arcwa.org/aboutus/local_arc_chapters

Online na Mapagkukunang

- 411 disclosure: <http://www.ncwd-youth.info/topic/disability-disclosure>
- Sentro ng Hub ng Magulang: <http://www.parentcenterhub.org/repository/disability-disclosure-video/>

Para sa karagdagang katanungan sa gabay na ito na mapgkukunan, o kung kailangan mo ng tulong mula sa tao na nagsasalita ng parehong wika, makigpag-ugnay:

Bukas Pinto para sa pamilyang may iba’t ibang kultura

253-216-4479

www.multiculturalfamilies.org



Ikalawang Seksyon: Transisyong Batay sa Paaralan



TAGALOG

Table of Contents

Ano ang mga karapatan ng Magulang at Magaaral (Mga Panggalang na Pamamaraan?	2
Bakit mahalaga ang Serbisyo sa Transisyon Batay sa Paaralan?	2
Ano ang Pangkat ng IEP sa panahon ng Transisyon?	3
Kailan nagsisimula ang Transisyon?.....	3
Ano ang hitsura ng Proseso ng Transisyon?.....	4
Ano ang Pagbabagong Programa?	11
Kailan at paano ako makakapagtapos?	12
Payong Kabataan at Magulang sa Paaralan Batay sa Pagbabago	13
Paano ko Maaring Ayusin Ang Problema sa Aking Paaralan?.....	14
Panukala sa Pagtutol - Paglutas sa mga Suliranin sa Paaralan.....	15
Mga Dulugan.....	16

Pagkikilala

Itong Gabay ng Pinagkukunang Impormasyon ay nabuo mula sa pondo ng *U.S. Kagawaran ng Edukasyon, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Rehabilitasyon* (OSERS), #H235F140013. Ang nilalaman nitong gabay ay hindi kumakatawan sa polisiya o sumasalamin sa pananaw ng *U.S. Kagawaran ng Edukasyon, Opisina ng Espesyal na Edukasyon at Serbisyong Rehabilitasyon* (OSERS). Walang pahiwatig na ito ay may opisyal na pag-eendorso ang **Pamahalaang Pederal**.

Ang Bukas Pinto para sa Pamilyang May Iba't Ibang Kultura ay bumuo nitong gabay sa tulong ng Sentro para sa Pagbabago sa Seribisyong Transisyon. Maaaring kopyahin ng mga indibidwal ang anumang bahagi nitong dokumento. Kung maari ay isaalang-alang ang pinagkunan at suporta ng pondong pederal. Ang impormasyon tungkol sa proyekto ay makikita sa: <http://multiculturalfamilies.org/wordpress/youth-transition-program/>.

Ikalawang Seksyon: Transisyong Batay sa Paaralan



Ano kaya ang hitsura ng buhay araw-araw pagkatapos nating tapusin ang pagaaral? Habang tumatanda, ang pag-araw araw na buhay ay magbabago. Sa seksyon na ito, nagtanong kami ng mga katanungan tungkol sa pang-araw-araw na buhay.

Ang seksyon na ito ay sumasakop sa:

Paglipat sa Paaralan

1. Ano ang Karapatan ng Magulang at Mag-aaral na may kaugnayan sa Pangalawang Serbisyo ng Transisyon??
2. Pagkakasunod-sunod ng Transisyon: What can I do to prepare for adult life?
3. Ano ang serbisyo ng transisyon?
4. Ano ang palatuntunang transisyon?
5. Ano ang gagawin kung ako ay may problema sa paaralan sa aking Programang Magpasariling Edukasyon (IEP)?

Para sa Kabataan:

- Kausapin ang iyong mga guro o tagapayo sa paaralan para siyasatin ang mga plano para sa hinaharap.
- Lumahok sa inyong mga pulong sa IEP at ibahagi ang iyong mga interes at kagustuhan para sa hinaharap.
- Sumubok ng mga bagong karanasan at pagkakataon upang malaman kung anong uri ng trabaho at kapaligiran ang gusto mo at kaugnayang lakas ng iyong trabaho.
- Tukuyin ang mga akomodasyon na makakatulong sa iyong tagumpay bilang taong nasa wastong gulang.

Para sa Pamilya at Tagapag-alaga:

- Intindihin ang karapatan ng magulang at mag-aaral na may kaugnayan sa serbisyo ng transisyon.
- Alamin ang hakbang sang ayon sa panuntunan nga paaralan. Lumahok sa mga pulong sa pagpapalano ng transisyon
- Alamin ang paraan na magagamit ng kabataan para mapalago ang kinabukasan.
- Suportahan ang mga kabataan na gumawa ng sariling pagpapasya na sumasalamín sa kanilang mga interes at lakas.

Ano ang mga karapatan ng Magulang at Magaaral (Mga Panggalang na Pamamaraan?)

Ang mga indibidwal na mayroong Kilos sa Edukasyon ng Kapansanan (IDEA) ay inatasan ang mga pampublikong paaralan at mga pamilya na maglaan ng impormasyon tungkol sa kanilang karapatan kaugnay sa espesyal na edukasyon. Ang mga ito ay nakabalangkas sa isang dokumento na tinatawag na Abiso ng Espesyal na Edukasyon at Pamamaraang Pangalagaan ang mga Mag-aaral at ang kanilang pamilya. Ang mga distriktong paaralan ay dapat magbigay sa mga magulang ng kopya ng dokumento kapag:

Ang isang mag-aaral ay kailangang masuri para sa espesyal na edukasyon.

Ang eskwelahan ang unang makakatanggap ng unang reklamo at o kaya ang unang hakbang sa pagsusuri sa mga hinaing sa taon ng pag-aaral sa paaralan.

Ang desisyon ay ginawa upang alisin ang mag-aaral na mahigit sa sampung araw ng pasok sa loob ng isang taon; o kaya ay

Ang paghiling ng impormasyon ng mga magulang.

Bakit mahalaga ang Serbisyo sa Transisyon Batay sa Paaralan?

1. Ang lahat ng mag-aaral na may IEP ay may karapatan sa serbisyong transisyon sa simula ng taong mag-aanim na taong gulang.
2. Kapag ang serbisyo ng transisyon ay naging parte ng IEP ng mag-aaral sa edad na 16, ang pokus ng lahat ng serbisyo ay ihanda ang mag-aaral sa buhay matapos ang mataas na paaralan, lalo na't may kaugnayan sa:
 - a. Karagdagang edukasyon o pagsasanay;
 - b. Trabaho; at
 - c. Para sa mga estudyanteng nangangailangan nito, na malayang namumuhay.
3. Ang paghahanda na ito ay mahalaga, dahil isang beses lang para sa isang mag-aaral ang maging matanda at iiwanan ang Sistema ng pampublikong paaralan, lahat ng serbisyo at suportang may kaugnayan sa kapansanan ay nakabatay sa pagiging karapat-dapat.
4. HINDI lahat ng matandang may kapansanan ay kwalipikado para sa serbisyo.
5. Ang pagkakaroon ng daan sa mga serbisyong transisyon sa pamamagitan ng paaralan ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang maghanda para sa buhay pagkatapos sa mataas na paaralan.

- Ang paggamit ng mga libreng mapagkukunan mula sa paaralan upang malaman ang tungkol sa mga opsyon para sa buhay pagkatapos ng mataas na paaralan.
- Pakikipag-usap sa mga guro at paaralan/ tagapayo, lumahok sa mga ekstrakurikular na Gawain, at higit pa.
- Makipag ugnayan sa mga serbisyo at mga mapagkukunan na makakatulong sa mga kabataan na magtagumpay sa kanilang buhay, kolehiyo at trabaho.
- Pag-aaral tungkol sa mga uri ng suporta na gumagana.
- Pagsasanay humiling ng serbisyo at suporta sa pang-araw-araw na buhay.



Ano ang Pangkat ng IEP sa panahon ng Transisyon?

Ang mag-aaral na karapat-dapat para sa mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon ay may isang Programa ng Mapagsariling Edukasyon (IEP) at ng IEP Team. Ang IEP Team ay dapat isama ang mga mag-aaral at ang kanyang mga magulang o tagapag-alaga. Ang pangkat ng IEP sa panahon ng transisyon ay maaari ring isama ang tagapagtustos ng serbisyo.



Kailan nagsisimula ang Transisyon?

Sa ilalim ng batas, ang pangkat ng IEP ay kailangan magsimula ng serbisyo ng transisyon sa oras na ang mag-aaral ay maging labing anim na taong gulang.

Ang mga mag-aaral na nakakatanggap ng Espesyal na Edukasyon ay karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng pampublikong paaralan nang **walang bayad hanggang sa isa sa mga sumusunod ay mangyari:**


Ang mag-aaral ay natukoy na hindi na kailangan ng espesyal na edukasyon na batay sa isang muling pagsusuri ng distrito paarlan;

Ang mag-aaral ay nagtapos na ng mataas na paaralan.

Ang mag-aaral ay nag-dalawamgput isang taong gulang; o,

Ang mag-aaral o magulang ay binawi ang pagsang-ayon sa sulat para sa patuloy na pagtanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo.

Ano ang hitsura ng Proseso ng Transisyon?



(Pinagkunan: Sentro para sa Pagbabago sa Serbisyo ng Transisyon)

Ang susunod na bahagi ng gabay na ito ay tungo sa karagdagang impormasyon tungkol sa bawat isa sa mga hakbang sa proseso ng paglipat. Ito ay mahalaga na tandaan na ang mga hakbang ay sunod-sunod, at hindi nirerekomenda na laktawan ang alinman sa mga hakbang na ito.

Magasagawa Ng Naaangkop Sa Edad Na Pagtatasa

Pangangailangan

Lakas

Kagustahan

Interests

Pagtatasa ng Transisyong Naaangkop sa Edad

Pagtatasa ng Transisyong naaangkop sa edad ay nangangahulugan na ngayon ay ang tamang oras para kumuha ng impormasyon tungkol sa pangangailangan, interesm lakas, kagustuhan at mga pangangailangang suporta ng mag-aaral.

Ang magandang plano para sa transisyon ay nagsisimula sa naaangkop sa edad na pagtatasa upang malaman ang mga interes, mga kalakasan, mga kagustuhan, at mga pangangailangan ng suporta ng kabataan. Ang pagtatasa ay maaaring maging impormal (mga pagsisiyasat, mga panayam, at iba pa) o pormal. Ang kombinasyon ng mga impormal at pormal na pagtatasa ay karaniwang naaangkop sa karamihan ng mag-aaral.



- Gusto kong maging katulong ng nars.
- Ako ay maayos sa pakikitungo sa mga bata!
- Mas gusto ko na magtrabaho sa loob.
- Kailangan ko ng suporta para matandaan ang aking mga gawain

Ang isang pagsusuri ay isang paraan upang mangolekta ng impormasyon. Halimbawa, listahan ng susuriin, halimbawa, ay maaaring magamit upang matuklasan ang bokasyonal na kasanayan o mga interes. Ang mga ito ay madalas na pinakamahalaga kapag ang impormasyon ay natipon mula sa parehong mag-aaral at kanilang pamilya.

Ang pagkumpleto ng Planong nakasentro sa tao ay maaaring maging isang mahusay na proseso para sa mga pangangailap ng impormasyon para sa pagtatasa kaugnay sa transisyon.



Isulat Ang Masusukat Na Layunin Pagkatapos Ng Sekondarya

Edukasyon/Pagasaanay

Trabaho

Malayang pamumuhay (kung kailangan)

Nasusukat na layunin pagkatapos ng sekondarya

Pagkatapos ng Sekondarya ay nangangahulugang buhay matapos ang mataas na paaralan. Ano ang gagawin ng mga mag-aaral kapag umalis na sa paaralan? Pumasok ng kolehiyo? Magtrabaho? Kumuha ng sariling apartment sa komunidad? **Nasusukat na layunin pagkatapos ng sekondarya** ay ang mga layunin sa buhay matapos ang mataas na paaralan, na iba sa sa layunin ng taunang IEP (para sa karagdagang impormasyon sa taunang mga layunin ng IEP, basahin ang pahina 10)

Sa IEP ng mag-aaral sa panahon ng transisyon, ng pangkat ng IEP ay sumusulay ng mga layunin ng mag-aaral para sa:

1) Edukasyon at Pagsasanay

2) Trabaho

3) Malayang Pamumuhay (kung naaangkop)

Ang ilang kabataan at kanilang mga pamilya ay maaaring hindi maintindihan kung trabaho o kolehiyo ang mahalaga. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang Sekyon 3: Buhay sa Araw-araw.

Ang mga pagpipiliang ito ay maaaring makatulong sa mga kabataan na tamasahin ang kanilang buhay pagkatapos ng high school.

Ang mga layunin ay dapat na tiyak at malinaw na nakasulat na ito ay possible upang masukat ang mga ito. Huwag ilita ang parehong aktibidad mula sa taunang mga layunin ng IEP ng mag-aaral. Ang mga layunin matapos ang sekondarya ay isama ang mga aktibidad sa buhay matapos ang mataas na paaralan. Ang layunin ng IEP ay suportahan ang mga layunin matapos ang sekondarya.



Ang mga layunin ay dapat na malinaw at tiyak!

“Si Rahma ay papasok sa pangkomunidad na kolehiyo upang mag-aral ng nursing pagkatapos ng pagtatapos sa mataas na paaralan”

“Si Rahma ay malayang sasakay sa pampublikong transportasyon papuntang kolehiyo at trabaho”

Ang ilang mga kabataan at kanilang pamilya ay maaaring hindi maintindihan kung bakit mahalaga ang trabaho o kolehiyo. Para sa karagdagang impormasyon (o bago gumawa ng desisyo, matuto ng higit pa tungkol sa suporta na magagamit para sa mga matatanda na may kapansanan sa trabaho at kolehiyo), basahin ang Seksyon 3: Buhay Araw-araw

Masamang halimbawa:

“Pagtapos ng mataas na paaralan, gusting pumasok ni Rahma ng kolehiyo”

Tukuyin Ang Serbisyo Ng Transisyon

Pagtuturong Especial na dinesenyo

Mga kaugnay na serbisyo

Mga ksanayan sa komunidad

Trabaho at kakayanang mabuhay

Mga Serbisyo at Gawain sa Pagbabagong-kalagayan

Ang **mga serbisyo at gawain sa pagbabagong-kalagayan** ay maaaring sasaklaw ng pagtuturo, mga kaugnay na serbisyo, mga karanasan sa komunidad, at independiyenteng mga kakayahan sa pamumuhay. Lahat ng mga serbisyo, anuman ang uri, ay kailangang sumuporta sa estudyante sa paghahanda para sa buhay nang may sapat na gulang at, lalo na sa, pagtamo ng kanilang mga layunin pagkatapos ng sekundaryong edukasyon.

Ang mga layunin pagkatapos ng sekundaryong edukasyon ay dapat matukoy batay sa naaangkop na edad na pagtatasa sa pagbabagong-kalagayan.

Mga Serbisyo at Gawain sa Pagbabagong-kalagayan ni Mickle



- **Pagtuturo:** Mga kakayahan sa lipunan, komunikasyon at trabaho
- **Mga Kaugnay na Serbisyo:** Patologo ng Wika ng Pagsasalita at Tulong na Teknolohiya para sa komunikasyon
- **Mga Karanasan sa Komunidad:** Mga kakayahang pangkustomer/panlipunan sa lugar ng trabaho, mga field trip sa sentro ng komunidad
- **Mga Kakayahan sa Buhay:** Pagluluto, pagsakay sa paratransit mula tahanan hanggang sa trabaho



Isulat Ang Kurso Ng Pag-aaral

Ang kaaralan ng Pagaaral

Ang kaaralan ng pagaaral (edukasyonal na plano) ay maaaring iba ang tingin ng bawat magaaral, dahil sa suportang kailangan sa layunin pagtapos ng sekondarya. Ang pangkat ng IEP ay dapat magplano ng kaaralan ng pagaaral para sa bawat taong nasa mataas na paaralan ang magaaral.

Halimbawa:

Mga Layunin ni Mickle na Nakatuon sa Trabaho

- Si Mickle ay magpapatuloy sa pagtanggap ng espesyal na dinisenyong pagtuturo na may alternatibong kurikulum, kabilang na ang instruksiyon sa pag-aalaga sa sarili, mga kakayahan sa komunikasyon. Lalahok din siya sa karanasan sa trabaho sa komunidad sa panahon ng kayang 4 na taon sa mataas na paaralan.

Mga Layunin ni Rahma Pagkatapos ng Sekondaryung Edukasyon

- Si Rahma ay magpapatuloy sa pagtanggap ng espesyal na dinisenyong pagtuturo sa pagbabasa, matematika, pagsusulat, at sosyal/pag-uugali sa panahon ng kanyang huling dalawang taon sa mataas na paaralan. Pagkatapos matapos sa pag-aaral na may diploma sa mataas na paaralan, si Rahma ay papasok sa pangkomunidad na kolehiyo upang mag-aral ng nursing.



Isulat Ang Taunang Layunin Ng IEP

Taunang mga Layunin ng IEP

Taunang mga layunin ng IEP ay panandaliang taon-taon na mga layunin. Kapag ang serbisyo sa transisyon ay naisama sa IEP, ang mga layunin ng IEP ay dapat suportahan ang mga layunin matapos ang secondary.

Halimbawa:

Para Matulungan si Mickle na Maging Handa sa Trabaho...

- **Taunang Layunin** Mga Kakayahan at Pag-uugali sa Trabaho:
Dahil siya'y nasa kapaligiran ng komunidad, si Mickle ay magpapakita ng abilidad na maging malaya sa kanyang mga kakayahan sa trabaho at pag-uugali. Magbibihis siya sa kanyang uniporme sa trabaho mula sa 4/5 na mga oportunidad hanggang sa 5/5 na mga oportunidad sa mahigit sa limang magkakasunod na mga sukat ng datos.

Para Matulungan si Rahma na Maging Handa sa Kolehiyo...

- **Taunang Layunin** Mga Kakayahan sa Pag-aaral/Organisasyon:
Kapag binigyan ng mga takdang-aralin sa klase, si Rahma ay magtatala nang hindi bababa sa isang takdang-aralin o paksa sa bawat klase. Pagbubutihan niya ang kanyang mga kakayahan sa organisasyon mula sa average na 0 sa 5 mga araw bawat linggo hanggang 4 sa 5 mga araw bawat linggo na nakasukat sa pagkolekta ng data ng guro



Mag-koordinado Ng Mga Serbisyo Sa Ahensya Ng Matatanda


Kapantay na Serbisyo para sa Ahensya ng Matanda

Ang pamilya at mga kaibigan ay nagbibigay ng suporta sa mga matatanda na may kapansanan. Gayunman, depende sa pangangailangang suporta ng mag-aaral, pagaaplaay sa pagiging karapat-dapat na nakabatay sa importanteng serbisyo para sa mga mag-aaral at kanilang pamilya.

Ilang halimbawa ng kasama sa Ahensya para sa Matanda :

- Administrasyon sa Mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDA)
- Dibisyon ng Bokasyonal na Pagbabagong-buhay (DVR)
- Administrasyon sa Panlipunang Seguridad
- Mga Bokasyonal na Pagbabagong-buhay (HCS)
- Medicaid

Ang mga mag-aaral at pamilya ay dapat simulan ang pag-aaral tungkol sa ahensya at serbisyo sa panahon ng mataas na paaralan. Ang paraan ng paggamit sa iba't ibang ahensya ay uubos ng oras. Upang matuto nang higit pa tungkol sa bawat ahensiya, pumunta sa Apendiks.



Upang mahanap ang impormasyon ng contact para sa mga ahensya sa iyong county, bisitahin ang website sa:

<https://www.seattleu.edu/ccts/agency-connections/>

Ano ang Pagbabagong Programa?

Ang isang **pagbabagong programa** ay karaniwang dinisenyo para sa mga mag-aaral edad 18-21 taong upang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon mula sa isang distrito ng pampublikong paaralan.

Ang isang **pagbabagong programa** ay nagbibigay ng mga karanasan para sa isang mag-aaral sa pagpapalano para sa trabaho, pagpunta sa kolehiyo, o pagkakaroon ng malayang kasanayan sa pamumuhay alinsunod sa IEP ng estudyante.

Ang pangkat ng IEP ay dapat makipagusap kung ang pagbabagong programa ang tamang opsyon. Kung ang mag-aaral at ang kanilang mga pamilya ay hindi sigurado, maaari nilang tanungin ang Espesyal Edukasyong Tanggapan sa kanilang mga distrito ng paaralan ang tungkol sa pagbisita sa isang pagbabagong programa o makipaagusap sa guro ng pagbabago. Ang mga mag-aaral, gayunpaman, ay hindi karapat-dapat na lumahok sa isang programang pagbabago sa sandaling magtapos na may isang diploma ng mataas na paaralan. Gayunpaman, hangga't ang isang mag-aaral ay nananatiling karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, patuloy silang nakakatanggap ng mga libreng serbisyo

Bakit ang Pagbabagong Programa ay Mahalaga?

Ang **Pagbabagong Programa** ay maaring magbigay ng pag-aaral ng mga karanasan na makakatulong sa mga mag-aaral na gumawa ng isang maayos ng paglipat sa pansin ng komunidad na namumuhay bilang mga matatanda.



Karanasan ng komunidad



Kahandaang pagsasanay sa pagtatrahaho



Kahandaan sa kolehiyo



Pagtuturo sa araw-araw na mga kasanayan sa pamumuhay

Kailan at paano ako makakapagtapos?

Ang pagtatapos na pangangailangan ay tumitingin sa ibang estado. Sa Washington, ang pangangailangan para sa pagtatapos ng mataas na paaralan ay :

- Maging dapat sa mataas na paaralang karangalan
- Pumasa sa estadong pagsusulit o aprobadong alternatibo ng pagusuri
 - Ang mag-aaral na makatupad sa pamamagitan ng pagpasa sa mga karaniwang pagsubok ay dapat magkaroon ng Certificate of Academic Achievement (CAA) na pagtatangi.
 - May mga alternatibong paraan na magagamit para sa mga mag-aaral na may kapansanan upang matupad ang kinakailangang ito. Ang mag-aaral na may magagamit na alternatibong paraan ay magkakaroon ng Certificate of Individual Achievement (CIA) na pagtatangi.
 - Ang parehong pamamaraan ay matugunan ang kinakailangan para sa isang regular na diploma ng mataas na paaralan
- Kumpletohin ang Mataas na Paaralan at sa Kabila ng Plano

Gayunman ang mga kinakailangan sa lugar ng isang ika-9 n gradong mag-aaral ay mananatili sa maag-aaral na iyon, kahit na may kinakailangang pagbabago pagkatapos. The Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI) ay may pagbabagong kailangan sa kanilang websayt.

Sa karagdagan, ang mga indibidwal na distrito ng paaralan ay maaaring magkaroon ng mga karagdagang kinakailangan.

Bakit Mahalaga ang Diploma ng Mataas na Paaralan?

Ang mag-aaral ay kailangan makamit ang diploma ng mataas na paaralan o GED kung plano nila na mag-aral sa kolehiyo o nais nila na makakuha ng trabaho na nangangailangan ng diploma ng mataas na paaralan. Tandaan na kapag ang isang mag-aaraal ay nakapagtapos ng may diploma, siya ay hindi na karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng paaralan. Ang pangkat IEP ay may plano para dito, upang maging sigurado na ang mag-aaral ay makakatanggap ng lahat ng kinakailangang mga serbisyo bago ang pagtatapos

Makukuha ko bang maglakad sa pagtatapos na seremonya kasama ang aking mga kaibigan?

Oo kung ang isang mag-aaraal na may IEP ay lalahok sa isang pagbabagong programa pagkatapos ng apat na taon sa mataas na paaralan, ang mag-aaral ay dindi makakakuha ng diploma sa mataas na paaralan Gayunpaman, sa ilalim ng batas ni Kevin (**RCW 28A.155.170**), ang isang estudyante na may kapansanan ay maaari pa ring humiling na sumali sa mga pagtatapos na seremonya kasama ang kanilang mga kaibigan mula sa parehong mataas na klase.


Payong Kabataan at Magulang sa Paaralan Batay sa Pagbabago



Nasabihan ako na maaaring di ako makapagtapos, makakuha ng trabaho, o makapasok ng kolehiyo. Kapag sinabi ng mga tao na "hindi mo kaya yan" ibababa ka lang noon. WAg mong hayaan sino man na pigilan ka. Gawin mo ang iyong makakaya. Alamin mo kung anong dapat mong gawin pagkatapos mong mag-21, kapag di ka nagplano ng transisyon, hindi mo alam kung ano ang gagawin mo sa iyong buhay. Ngayon alam ko na kung paano itaguyod ang aking sarili, dail nagkaroon ako ng maraming karanasan sa pag-aaral sa kolehiyo. Ngayon nagtatrabaho ako sa Trader Joe at kukuha ng aking sangkapat na pahinga. Ngunit ako parin ay umaasang makukumpleto ang antas at maging trahador na tagapagtanggol ng mga taong may kapansanan.



Kapag ikaw ay pulong sa IEP, huwag mong hayaang ang nanay mo lang ang magsalita. Sabihin mo sa iyong guro ang nais at hindo nais. Pag hindi ka nagasalita, hindi alam ng guro kung ano ang gusto o ayaw mo, kaya mahalagang magsalita.



Ang anak ko ay 18 at nagsimula na sa pagpaplano sa transisyon. Lagi akong may oras sa pulong sa IEP, para alan ko kung ano at paano siya matututo at ano ang maaari naming gawin sa bahay. Ang anak ko ay nagtatrabaho para sa hinaharap. Nagaaralan siya paano maging handa at responsable apra sa trabaho. Nagaaral siyang sumakay ng bus at magdesisyon magisa. Gusto niya yon at masaya siyang ginagawa yon. Noong pumunta ako sa pulong, sinulat ko ang mga tanong na nais kong itanong sa guro, kaya handa ako. Inirekomenday ko sa ibang magulang na magbigay oras para sa pagpupulong—dahil alam naming kayang kayang ng mga anak namin ito.



Kapag di mo sinabi sa iba kung naong gusto mo, walang tutulong sayo. Kapag di ko sinabi kung anong kailangan ko, di nila malalaman. Sa pagpupulong sa IEP, paguusapan ka ng lahat at tatanungin kung ano kaialngan o gusto mo. PAg hindi, minumungkahi ko ang lahat na magsalita. Sabihin niyo kung anong gusto mo, kaysa sa gusto ng magulang at mga guro. Ang IEP ay para sayo, hindi sakanila.



Pinapayuhan ko ang ibang magaaral na makaranas ng bagong bagay. Sa aking programang transisyon, nag-set ako ng layunin na makakuha ng trabaho sa tingian dahil gusto ko ng moda at pamimili. Nagsimula akong magtatrabaho sa tindahan ng magaaral, at pagkatapos ay sa gift shop ng ospital upang malaman ang tungkol sa serbisyo para sa parokyano at paghawak ng pera. Ginagawa ko ito lahat upang matututo sa pagtatrabaho.

Paano ko Maaring Ayusin Ang Problema sa Aking Paaralan?

Kung ikaw ay may katulad na problema sa mga sumusunod na mga mag-aaral at mga magulang, baka gusto mong upang mahanap ang mga paraan upang malutas ang problema!

Mag-aaral 1: Kung ang paaralan ay magtanong sa aking kapatid na lalaki o babae na maging tagapagsalin, kailangang kong sabihin sa kanila na ayoko. Ang paaralan ang dapat na magbigay ng isang tagapagsalin. Ito ay aking karapatan at karapatan ng aking magulang

Mag-aaral 2: Ang aking taunang IEP na layunin ay hindi mabago para sa tatlong taon. Ako at ang aking ina ay hindi alam kung ano ang nangyayari, dahil hindi naming alam kung ano ang dapat ginagawa ng paaralan.

Mag-aaral 3: Nais ko makakuha ng isang trabaho katulad ng ginagawa ng ilang tanggapan ng trabaho kapag nakapagtapos ako. Ngunit sa unang taon ng aking pagbabagong programa, ang aking lugar na pinagtatrabahuhan ay karamihan sa paaralan, paglilinis sa kapiterya. Hindi ako dito interesado at ito ay mahirap para sa akin maglakad sa paligid dahil mayroon akong kondisyong medical ngunit walang nakikinig sa akin

Magulang 1: Sa huling taon ng mataas na paaralan, ang aking pagbabagong programang guro ay sinabi sa akin na ang aking anak na lalaki ay hindi maaaring pumunta sa isang programa na paglipat dahil siya ay may record ng problema sa pang-asal. Aking anak na lalaki ay hindi nagsasalita ng Ingles at siya rin ay nakakatanggap ng espesyal na edukasyon. Siya ay kumilos dahil hindi niya maunawaan kung ano ang nangyayari. Gusto kong makuha niya ang tamang suporta at pumunta sa isang pagbabagong programa upang matuto siya kung paano matutulungan ang sarili niya lalo na sa bahay at kahit na makakuha pa ng trabaho.

Magulang 2: Ang espesyal na guro ng edukasyon ay nagsabi sa akin na ang anak kong babae ay bagsak sa algera klase at malamang na hindi siya makapagtapos na may diploma sa mataas na paaralan. Siya ay matalino, ngunit dahil sa kanyang kapansanan, lubhang mahirap ang matematika. Ngunit siya ay paglalaan ng parehong klase sa matematika sa pangkalahatan edukasyon sa bawat taon mula noon. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan niya pang kumuha ng klase sa matematika kung ito ay hindi naman nakakabuti sa kanya. Narinig ko na ang isa pang estudyante sa espesyal na edukasyon ay hindi na kumukuha ng algebra, at siya ay kumukuha ng panksyonal na matematika. Hindi ko alam kung bakit hindi makakuha para sa aking anak na babae.

Panukala sa Pagtutol - Paglutas sa mga Suliranin sa Paaralan

Ang bawat isa ay nag papahalaga tungkol sa paglago ng edukasyon ng mga mag-aaral. Samantalang ang mag mag-aaral, magulang at mga propesyonal ay may kanya kanyang panukala, na maaring magdulot ng suliranin. Ito ay napakahalaga at totoo lalo nat may ibang ibang pagkakaiba ng kultura, At karagdagan pa dito ang mga kaalaman ng mga magulang at mag aaral, ang kaalaman paano maglutas sa isang di pagkakasundo sa paaralan ay isang napakahalagang bagay.

Sibil na Kahalagahang Pagtutol sa Reklamo

Kung ang mag aaral o kaya ay magulang na nag karoon ng karanasan pang-aapi, hindi makatarungan/ hindi pantay na pakikisama or pang aabuso na pagbatay sa paaralan:

- Lahi at Kulay
- Pambansang Pinagmulan (wika)
- Relihiyon at pananampalataya
- Kasarian
- Kapansanan
- Kasariang naaangkop
- Paghahatyag kasarian
- Kasariang pagkakakilanlan
- Betarano o kaya ay sundalong katayuan
- Paggamit ng Sinanay na asong panggabay o kaya ay pang serbisyong hayop

May mga iba't ibang paraan at hakbang na kanilang magagawa

- Kausapin ang inyong punongguro o kaya ay sibil na tagapag-ugnay ng karapatan
- Maghain ng reklamong pang aapi sa inyong paaralang distrito
- Maghain ng reklmang pang aapi sa Opisina para sa Sibil na Karapatan
- Maghain ng reklmang pang aapi sa Makipag-ugnayan sa Komisyon ng
- Karapatang Pantao sa tanggapan at Makipag-ugnay sa tanggapan ng Katarungan ay Karapitang sibil

Para sa mga kaalaman tungkol sa Pagtanging Sibil na Resolusyon at tagapagsaling serbisyo maaring pumunta sa pahinang pagkukunan.

Mga Reklamo sa Espesyal na Edukasyon

Kung naniniwala kang nabigo ang inyong distrito ng paaralan na magbigay ng serbisyo sa IEP ng inyong anak, o na mayroon silang hindi kinikilala sa mga inaatas estado o pederal na may kaugnayan sa Espesyal na Edukasyon, may mga ilang hakbang na puwedeng gawin [1]:

- Subukan na lutasin ang isyu sa impormal na paraan katulong ang teamMediation ng IEP
- sa pag-hain ng isang Espesyal na Edukasyon Citizen Complaint.
- Humihiling ng isang Pagdinig ng Mahabang Proseso.

Ang website ng Opisina ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay may higit na impormasyon tungkol sa mga opsyon na ito, at kung paano ituloy ang mga ito.

Mga Dulugan

Mga Karapatan ng Magulang at Mag-aaral

- **Ang Opisina ng Superintendente ng Pampublikong Instruksiyon (OSPI)**
 - Mga Pananggalang na Pamamaraan (mayroon sa iba't-ibang mga wika): <http://www.k12.wa.us/SpecialEd/Families/Rights.aspx>
 - Mga Regulasyon ng Seksyon 504 (mayroon sa iba't-ibang mga wika): <http://www.k12.wa.us/Equity/Section504.aspx>
 - Resolusyon sa Hindi Pagkakaunawaan: <http://www.k12.wa.us/SpecialEd/DisputeResolution/default.aspx>
 - Kapag hihiling ng Tagapagsalin sa ibang wika: <http://www.k12.wa.us/Equity/Interpretation.aspx>
- **Ang Opisina ng Gobernador sa Ombuds ng Edukasyon (OEO)**
 - Mga limbag na babasahin sa Mga Pangunahing Karapatan sa Edukasyon at iba pa para sa Mga Magulang: <http://oeo.wa.gov/publications-reports/publications/>
- **Ang Opisina ng Ombuds ng Edukasyon (OEO)** ay bahagi ng Opisina ng Gobernador sa Estado ng Washington at nandiyan upang lutasin ang mga problema sa pagitan ng mga pamilya, mga estudyante, at mga pampublikong paaralan sa lahat ng mga lugar na nakakaapekto sa pagkatuto ng mag-aaral, ngunit lalo na sa mga sumusunod:
 - Espesyal na Edukasyon
 - Pang-aapi/Panliligalig
 - Pagkakasuspende
 - Disiplina
 - Pagkataliksik
 - Pagpapatala
 - Transportasyon
 - Akademikong Pag-usad
 - Paglalakwatsa
 - at iba pa

Ang OEO ay malaya sa pampublikong paaralan. Gayunpaman, ang OEO ay walang kapangyarihan sa pagwawasto ng pagkilos, ngunit tumutulong sa komunikasyon sa pagitan ng mga estudyante, mga pamilya at paaralan upang lutasin ang mga suliranin nang walang pormal na proseso, na maaaring tumagal pa nang mas mahabang panahon. Ang OEO ay nagbibigay ng tagapagsalin sa ibang wika kapag hiniling.

Suporta at Mapagkukunan na Batay sa Suporta ng Komunidad

- Ipaalam sa mga Pamilya: <http://informingfamilies.org/person-centered-planning/>
- Washington PAVE: <http://wapave.org/programs/person-centered-planning/>
- Bukas ang pinto para sa pamilyang maraming kultura: <http://multiculturalfamilies.org>
- Sentro Malayang Pamumuhay: Hanapin ang local na kabanata sa <http://www.wasilc.org/> sa ilalim ng "IL center" tab
- Ang balangaw: Hanapin ang local na kabanata sa http://arcwa.org/aboutus/local_arc_chapters

¹ Office of Superintendent of Public Instruction (2016). Parent and Student Rights (Procedural Safeguards). <http://www.k12.wa.us/specialed/families/rights.aspx>

¹ Office of Superintendent of Public Instruction (2016). Washington State Graduation Requirements. <http://www.k12.wa.us/GraduationRequirements/>

¹ Office of Superintendent of Public Instruction (2016). Complaints About Discrimination. <http://www.k12.wa.us/Equity/ComplaintOptions.aspx>

¹ Office of Superintendent of Public Instruction (2013). Dispute Resolution. <http://www.k12.wa.us/SpecialEd/DisputeResolution/default.asp>



Seksyon 3

Transisyon sa Aking Pang-Araw-Araw na Buhay Mula Estudyante Tungo sa Pagtanda



Mga Nilalaman

Seksyon 3 Transisyon sa Aking Pang-Araw-Araw na Buhay Mula Estudyante Tungo sa Pagtanda	Error! Bookmark not defined.
Pang-Araw-Araw na Buhay Pagkatapos ng Paaralan	Error! Bookmark not defined.
Kwentong Kabataan	Error! Bookmark not defined.
Transisyon sa Buhay Matanda: Matutong Nagsasarili	Error! Bookmark not defined.
Ano ang Pamumuhay na Nagsasarili?	4
Bakit Mahalag ang Pamumuhay na Nagsasarili?	4
Kwentong Kabataan: Jean.....	Error! Bookmark not defined.
Mga Pagpipilian Pagkatapos ng Mataas na Paaralan: Trabaho	5
Bakit Trabaho?	6
Paano ako magkakatrabaho?.....	7
Ano ang Suportado at Pasadyang Trabaho?	Error! Bookmark not defined.
Kwentong Kabataan: Mickle	Error! Bookmark not defined.
Mga Pagpipilian Pagkatapos ng Mataas na Paaralan: Kolehiyo at Unibersidad	8
Pagtulong sa Kabataan Maghanda para sa Kolehiyo	9
Mataas na Paaralan vs. Kolehiyo	9
Paano Magbayad para sa Kolehiyo	11
Kwentong Kabataan: Ky	Error! Bookmark not defined.
Mapagkukunan	12
APENDIKS	14
Ano ang mga Serbisyong Batay sa Pagiging Karapat-Dapat.....	14
Bakit Mahalagang Mag-aplay ng Maaga para sa mga Serbisyong Batay sa Pagiging Karapat-Dapat?... 14	
Ano ang Administrasyon ng Kapansanang Pag-Unlad (DDA)?	15
Mahalagang Impormasyon Tungkol sa DDA	Error! Bookmark not defined.
Bakit Mahalagang Mag-aplay sa Administrasyon ng Kapansanang Pag-Unlad (DDA)?	16
Kwentong Pamilya: Si Mickle at ang Kanyang Mga Magulang	16
Ano ang Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR)?.....	17
Mahalagang Impormasyon Tungkol sa DVR	17



Seksyon 3: Pang-Araw-Araw na Buhay

Ano ang itsura ng pang-araw-araw na buhay pagkatapos natin mag-aral? Habang tayo ay tumatanda, nagababago ang ating pang-araw-araw na gawin. Sa seksyong ito, tinatanong natin ang mahahalagang tanong sa pang-araw-araw na buhay.

Ang seksyon ay tatalakay sa:

1. Pakatapos ng mataas na paaralan, ano ang magiging buhay mop ag natapos ka sa mataas na paaralan?
 - Ano ang gusto mong gawin araw-araw kapag tapos na ang pag-aaral?
 - Anong klaseng suporta ang kailangan mo na pang araw-araw at sino ang magbibigay nito?
 - Paano nito maaapektuhan ang pinansyal na pang araw-araw pampamilya at pang-araw-araw na buhay?
2. **Transisyon Tungo sa Pang-araw-araw na Buhay Matanda (o Buhay Indibidwal & Pampamilya)**
 - Ano ang **Kasanayang Pamumuhay na Nagsasarili** at bakit ito mahalaga?
3. **Mga Puwedeng Pagpilian sa Buhay Pagkatapos ng Mataas na Paaralan**
 - **Trabaho:** Anong suporta ang bukas para sa kabataang may kapansanan?
 - **Edukasyon:** Ano ang mga pagkakaiba pagkatapos ng mataas na paaralan? Paano ako hihingi ng **akomodasyon**?
 - **Iba pa** (pagpipilian): Pagboluntaryo, gawaing libangan, serbisyong pangmatanda tuwing araw, at iba pa.

Apendiks

- Ano ang Serbisyong Batay sa Pagiging Karapat-Dapat?
 - Ano ang Administrasyon Para Kapansanan sa Pag-Unlad
 - Ano ang Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyong?

Para sa Kabataan

- Alamin ang halaga ng pagsasarili sa pagtanda.
- Alamin ang iba't ibang pagpipilian sa buhay pagkatapos ng mataas na paaralan.
- Alamin ang mga uri ng suporta at akomodasyong kailangan para magtagumpay.
- Tuklasin ang teknolohiyang pantulong na tutulungan kang magtagumpay sa pang-araw-araw na buhay, trabaho, at paaralan.

Para sa Pamilya at Tagapag-alaga

- Alamin at gamitin ang suporta at mapagkukunang magagamit upang mapalawak ang pagpipilian ng kabataan para sa hinaharap.
- Suportahan ang kabataang gumagawa ng desisyong sumasalamin sa kanilang interes at lakas.

Pang-araw-araw na Buhay Pagkatapos ng Mataas na Paaralan



Habang nasa paaralan, alamin ang mga uri ng suportang meron ang mga estudyante ngayon at anong uring suporta ang kulang sa kanila. Ito ay tutlong sa estudyante at pamilyang matuklasan ang bagong mapagkukunang hindi pa nila napag-iisipan.

Ang makagamit ng suportang batay sa kwalipikasyon ay isang mahalagang pagpipilian, ngunit hindi lahat ng estudyante ay kwalipikado para sa mga

serbisyong ito.

Ang transisyon ay dapat magtuon sa lakas, nagpapaunland ng mga kasanayang kailangan sa pang-araw-araw na buhay, at nagpapakilala sa mga suportang hindi umaasa sa serbisyong may bayad.

Kung kailangan ng kabataan at pamilya ng tulong tahakin ang kanilang sitwasyon, humingi ng tulong mula sa propesyonal at organisasyon sa komunidad (tignan ang pahina ng mapagkukunan).

Kuwentong Kabataan

“In my transition program, my teachers were helping me prepare for getting a job. But in the last year of the transition program, when we tried to apply for employment services, I was disqualified because I’m not a U.S. citizen and I wouldn’t qualify for DDA’s waiver services. I have a permanent residency card (Green Card) so I can legally work in the US and I could apply for DVR. But without long-term supported employment services from DDA, I cannot continue working in the community. My Transition IEP team did not know what to do.

“Sa aking programang transisyon, tinutulungan ako ng aking mga guro maghandang magkatrabaho. Ngunit sa huling taon ng programang transisyon, kung kailan sinubukan naming mag-aplay para sa serbiysong

pantrabaho, ako ay nadiskwalipika dahil hindi ako mamamayan ng U.S. at hindi ako kwalipikado sa serbisyong waiver ng DDA. Ako ay mayroong card ng permanenteng naninirahan (Berdeng Card) kaya ako maaaring magtrabahong legal sa US kaya pwede akong mag-aplay ng DVR. Ngunit kung walang pangmatagalang suportadong serbisyong pantrabaho mula sa DDA, hindi ako maaring magpatuloy na magtrabaho sa komunidad. Ang aking Transisyon IEP team ay hindi na alam kung anong gagawin.

I would advise other youth in similar situations to think about building the skills that help you in different aspect of life—because working on job-related skills can help me at home—taking care of myself. Connecting to a support network that does not require eligibility is important.”

Pinapayo ko sa ibang kabataang nasa katulad na sitwasyon na pag-isipang paunlarin ang kasanayang makakatulong sa iba’t ibang aspeto ng buhay – sapagkat ang pagpaunlad ng mga kasanayang konektado sa trabaho ay makakatulong sa akin sa tahanan- pag-aalaga sa aking sarili Ang pakikipag-ugnayan sa isang network ng suporta na hindi nangangailangan ng kwalipikasyont ay mahalaga.



Pagtransisyon sa Buhay Matanda: Tungo sa Pagsasarili

Ano ang Pamumuhay na Nagsasarili?

Ang pamumuhay na nagsasarili ay hindi parating nangangahulugang pamumuhay mag-isa. Ito rin ay ang kaalamang paano alagaan ang sarili at tugunan ang pangangailangang pang-araw-araw, kahit namumuhay tayong may kasamang ibang tao. Halimbawa:

Mga gawaing-bahay ni Ricardo tuwing almusal

- ihanda ang lamesa
- kumain ng almusal
- dalhin ang pinggan sa lababo
- kargahan ang panghugas ng pinggan



Mga gawaing-bahay ni Jessica tuwing Linggo

- isaksak ang vacuum
- ivacuum ang sahig
- itapon ang alikabok sa basurahan
- ilabas ang basurahan



Karaniwang-gawain ni Jean sa klase ng paglulutong Koreano

- magdesisyon sa menu
- ilista ang bibilhin sa grocery
- mag grocery kasama ang mga kaibigan
- magluto kasama ang mga kaibigan
- kumain ng salu-salo!




Bakit Mahalaga ang Pamumuhay na Nagsasarili?

Habang natututo ang kabataang higit na magsarili, ang iba't ibang karanasan ang tutulong sa kanilang madiskubre ang kanilang lakas, pati na rin ang mga uri ng suportang kailangan nila, at alin ang pinakamainam para sa kanila. Ang **Kasanayan sa Pamumuhay na Nagsasarili** ay nagpapalakas din ng loob. Sa tahanan man o sa paaralan, mahalaga para sa estudyante na tuklasin ang mga karanasan at oportunidad na nagpapatatag ng kasanayan para sa buhay matanda.



Alam kong ang aking anak ay may kapansanan at alam kong mayroong bagay na hindi niya kayang gawin. Subalit sinasabi ko sa aking anak na kaya niyang gawin anuman ang gusto niya. Gusto kong ang aking anak ay magkatrabaho, mamuhay mag-isa sa apartment, at kayanin bayaran iyon. Mula noong bata siya, tinuruan ko siya ng gawaing pang-araw-araw. Paggising niya, kumakain siya ng almusal, nililinis ang lamesa, at hinuhugasan ang mga pinggan. Siya rin ang naglalaba at nagtutupi ng mga damit. Ngayon, ganoon din ang ginagawa niya sa pagsasanay sa trabaho sa programang transisyon. Magaling siya sa ganoon at gusto niya iyon. Ang pang-araw-araw sa bahay ay para ring pagsasanay.

Kuwentong Kabataan: Jean






Kapag ikaw ay bata pa, ang magulang ay nagluluto at tumutulong sa iyo. Ngunit pagtanda mo, kailangan mo gawin iyon mag-isa. Mapaghamon iyon, kaya't mahalaga ang magsanay.

Mga Pagpipilian Pagkatapos ng Mataas na Paaralan: Trabaho

Bakit Trabaho?

Ang pagkakaroon ba ng trabaho ay nakakatulong sa kabataang makamit ang kanilang layunin sa hinaharap? Nakakatulong ba ito para iwasan ng kabataan ang hindi nila gusto sa kanilang buhay? Isang mainam na unang hakbang sa pagtuklas kung bagay ba ang pagtatrabaho sa kabataan, at sa anong uring trabaho sila masisiyahan, ay ang pagbuo ng **Planong Nakasentro sa Tao** kasama nila. Magbasa pa tungkol sa Planong Nakasentro sa Tao sa Seksyon 1: Pagtuklas sa Sarili!

Maraming dahilan kung bakit ang kabataan ay nais magkatrabaho pagkatapos ng mataas na paaralan!



Paano ako magkakatrabaho?

Maraming taong may kapansanan ang nagtatrabaho pagtanda nila. Kapag ang may kapansanan ay nakakaranas ng hamon sa paghahanap at pananatili sa trabaho, alamin ang mga suportang bukas para sa kanila. May mga paraang makahanap ng trabahong tugma sa abilidad at lakas ng mga taong may kapansanan!



Gusto kong magtrabaho...ngunit hindi ko alam paano...

- maging handa para sa trabaho
- maghanap, mag-aplay, at manatili sa trabaho
- matutunan ang kasanayang kailangan sa trabaho
- humingi ng akomodasyon sa trabaho
- pumasok sa trabaho sa aking sarili

Kung ang kabataan ay nangangailangan ng suporta tulad ni Mickle, alamin ang tungkol sa **suportado** at **pasadyang trabaho** at anong mga serbisyo ang binibigay ng **Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR)** sa mga nais magtrabaho! Kung kailangan ng kabataan ng tuloy-tuloy na suporta, mahalaga ring maging kwalipikado sa **Adminstrasyon ng Kapansanang Pag-unlad (DDA)** pagdating ng 21 taong gulang.


Pwedeng malaman ng kabataan kung kailan at paano isiwalat ang kanilang kapansanan sa isang tagapag-empleyo sa pagbibisita sa website na [411 Disability Disclosure](#).

Ano ang Suportado at Pasadyang Trabaho?

Suportadong Trabaho	Pasadyang Trabaho
 Ang may kapansanan ay nagkakatrabaho sa komunidad na may angkop na sahod at may tagasanay sa trabaho na nagbibigay-suporta sa: • paghahanap ng trabaho • pagsasanay para sa trabaho; at • pananatili sa trabaho	 Ang may kapansanan ay nagkakatrabaho sa komunidad na may angkop na sahod at “pasadyang”trabaho. An mga gawain sa trabaho ay sadyang tugma sa interes, kasanayan, at abilidad ng taong may kapansanan, sabay tinutugon ang pangangailangan ng tagapag-empleyo. Basahin ang halimbawa ni Mickle! (p.8)

Ang uri ng suporta ay depende sa interes, kasanayan at abilidad ng kabataan. Ang kabataan ay puwedeng magtrabaho kasama ang kanilang tagasanay sa trabaho para mahanap ang angkop na uri ng trabaho! Upang matanggap ang ganitong suporta, and kabataan ay kailangang maging kwalipikado para sa serbisyo mula sa **DVR** o **DDA**. Para sa dagdag na kaalaman sa DVR o DDA, tignan ang **Apendiks** seksyon.

Kwentong Kabataan: Mickle



Mga Pagpipilian Pagkatapos ng Mataas na Paaralan: Kolehiyo at Unibersidad

Maraming estudyanteng may kapansanan ay pinag-iisipang pumasok sa kolehiyo o unibersidad upang mag-aral ng mga kursong interesado sila, at makakuha ng degree na konektado sa trabahong gusto nila. Kapag nag-aaplay sa kolehiyo, importante para sa mga estudyanteng may kapansanan na isipin kung anong akomodasyon ang kakailanganin nila sa kanilang mga klase, at kung anong uri ng kapaligirang kolehiyo ang pinaka-angkop sa kanilang pangangailangan, habang sinisikap nilang maabot ang kanilang layunin sa edukasyon at karera.ⁱⁱ

Tulong sa Kabataang Maghanda para sa Kolehiyo



Ang mga magulang ay maaring tumulong o humikayat sa estdyanteng:

- tuklasin ang kolehiyo bilang maaring pagpipilian
 - Mag-umpisa sa **Pansariling Sentrong Pagplano**. Kausapin ang Namamahala ng Kaso sa DDA o ang Tagapayo sa DVR para sa pagkukunan ng pondo.
- hanapin ang nababagay na kolehiyong susuporta sa pangangailangan nila (programa, sentro ng pagkukunan para sa may kapansanan, kapaligiran ng campus, o teknolohiyang pantulong).
 - May mga kolehiyo at unibersidad na may programa para sa estudyanteng may kapansanang intelektwal. Bisitahin ang <http://www.thinkcollege.net>
- kumuha ng magphamong kursong ihahanda sila para sa kolehiyo.
- sumali sa mga aktibidad sa komunidad (e.g. boluntaryo, club, aral sabay trabaho, o internship) at tuklasin ang mga interes sa karera.
- humingi ng suporta sa paaralan-kausapin ang tagapayo sa paaralan, guro ng IEP, at ibang propesyonal sa paaralan.
- sanayin ang pagtaguyod sa sarili at kasanayang pamumuhay na nagsasarili, tulad ng pamumuno sa pulong ng IEP, paggamit ng pampublikong transportasyon, paghingi ng akomodasyon, at pag-iskedyul ng mga sariling lakad.

Mababang Paaralan vs. Kolehiyo ^{iii,iv,v}

Ipinapaliwanag nitong table ang pagkakaiba ng mataas na paaralan at kolehiyo:

Mataas na Paaralan	Kolehiyo/Unibersidad
Batas & Responsibilidad	
- Akto para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (IDEA) ay batas ng <i>karapatan</i>. - Kikilalanin at susuriin ng mga paaralan ang pangangailangan ng estudyante ng suporta. - Ang mga paaralan ay lumalapit sa mga estudyanteng nangangailangan ng tulong upang magtagumpay - Ang mga magulang ay pwedeng makita ang record ng estudyante, sumali sa mga pulong at mamigay ng kanilang ideya.	- Akto para sa Matatandang may Kapansanan at Seksyon 504 ay batas <i>laban sa diskriminasyon</i>. - Kailangan ipaalam at itaguyod ng mga estudyante ang kanilang pangangailangan ng suporta. - Hindi lumalapit ang mga kolehiyo sa mga estudyanteng nangangailangan ng tulong upang magtagumpay. - Pinipigilian ng FERPA¹ ang mga magulang na makita ang record ng estudyante ng walang pahintulot ng estudyante
Pagtuturo, Grado, Pagsusulit & Pagtututor	
- Ang planong IEP o 504 ay maaring isama ang modipikasyon sa tiempo ng curriculum, pagsusulit, pag-format, o pagga-grado na dapat sundin ng mga guro. - Ang trabahong kurso ng estudyante ay napili ayon sa takda ng estado. - Ang IEP ay maaring isama ang pag-tutor at suportang pag-aaral. - Ang mga tagapayo ay handang tumulong sa estudyante sa kanilang kursong pinag-aaralan.	- Sa kolehiyo, hindi kailangan mamigay ng akomodasyon ang mga guro maliban kung ang estudyante ay may angkop na dokumentasyon ng kanilang kapansanan. - Ang estudyante ay namimili ng klase ayon sa kanilang kakayahan at interes. - Ang estudyante ay kailangang maghanap ng serbisyong pag-tutor na bukas sa LAHAT ng estudyante. - Mahalagang makipag-ugnay sa 504 coordinator.
Pagtanggap sa Paaralan & Pagpondo	
- Karamihan ng estudyante ay nilalagay sa mataas na paaralan ayon sa lugar na tinitirhan. - Ang mga paaralan ay nagbibigay ng serbisyong edukasyon sa mga estudyanteng may kapansanan ng walang babayaran ang estudyante o ang pamilya.	- Ang mga estudyante ay kailangang mag-aplay para matanggap sa kolehiyo/unibersidad nilang gusto. - Ang estudyante ay nagbabayad ng tuition – isang gastusin para makapasok sa kolehiyo. Importanteng mag-aplay para sa ayudang pinansyal.

Kung kailangan ng estudyante ng akomodasyon, alamin kung kailan at paano magsiwalat ng kapansanan sa Sentrong Pagkukunan para sa Kapansanan at sa kolehiyo at unibersidad. Para sa kargadagang kaalaman, bisitahin ang website ng [411 Disability Disclosure](#). Ang mga kolehiyo at unibersidad na tumatanggap ng pondong pederal ay obligadong magbigay ng akomodasyon sa ilalim ng Seksyon 504 at Titulo II ng Aktong Matandang may Kapansanan. Dagdag na kaalaman sa:



<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/auxaids.html>

Paano Magbayad para sa Kolehiyo

Ang mas mataas na edukasyon ay mahal, kaya mahalagang tuklasin ng estudyante at pamilya ang lahat ng pagpipilian sa pagbayad sa kolehiyo. Heto ang ilang halimbawa:

1. Mag-aplay ng ayudang pinansyal gamit ang **Libreng Aplikasyon ng Ayudang Estudyanteng Pederal (FAFSA)**.
 - a. Ang pederal na taning para sa aplikasyon sa FAFSA ay Hunyo 30. Subalit ang mga kolehiyong estado at indibidwal ay nagtatakda ng sarili nilang taning, kadalasan mas maaga. Mahalagang suriin ng maaga sa opisina ng ayudang pinansyal ng iyong unibersidad para siguradong hindi lumagpas sa taning. Bisitahin ang <https://studentaid.ed.gov/fafsa/filling-out> para mag-aplay.
 - b. Alamin ang iba-ibang uri ng ayuda sa estudyante sa <https://studentaid.ed.gov>. Sumuri sa opisina ng ayudang pinansyal sa iyong kolehiyo para malaman ang iba-ibang oportunidad para sa ayudang pinansyal.
 - c. Ang mga hindi mamamayan ng U.S. ay maaring mangailangan ng kardagdagang kwalipikasyon. Siguraduhing suriin ang impomasyon sa: <https://studentaid.ed.gov/sa/eligibility/non-us-citizens>
2. Maghanap ng impormasyon tungkol sa iba-ibang mga scholarship.
 - a. <http://www.affordablecolleges.com/>
 - b. <http://www.affordablecolleges.com/resources/scholarships-students-with-disabilities/>
3. Suporta ng DVR para sa layunin ng edukasyon pagkatapos ng mataas na paaralan.¹
 - a. Kapag inililista sa Indibidwal na Plano para sa Trabaho (IPE) ang gastos sa edukasyon bilang layunin ng estudyante, and DVR ay maaring tumulong sa estudyante magbayad sa tuition at mga libro. Ang ahensyang VR at ang estudyante ay kailangan magbigay ng alternatibong pagkukunan ng pondo bago makabigay ang DVR ng dagdag na suportang pinansyal.ⁱⁱ

Kwentong Kabataan: Ky



Dati, hindi ko alam kung anong gusto ko aralin sa kolehiyo. Ngayon, parang gusto ko maging accountant o interpreter, isang hilig na nadiskubre ko noong nagboluntaryo ako. Ang karanasan sa kolehiyo ay nakatulong sa akin matuklasan ang aking layunin!

Mapagkukunan

Ang mapagkukunang ito ay maaring makatulong sa iyo at iyong anak magplano para sa kanyang pang-araw-araw na buhay pagkatapos ng mataas na paaralan.

Serbisyong Pang-matandang Batay sa Kwalipikasyon sa WA

- Adminstrasyong Kapansanang Pag-unlad (DDA): <https://www.dshs.wa.gov/dda>
- Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR): <https://www.dshs.wa.gov/ra/division-vocational-rehabilitation>
- Ang pahina ng Koneksyong Ahensya sa pamamagitan ng Sentro para sa Pagbabago sa Serbisyong Transisyon ay maaring makatulong hanapin ang lokal na mapagkukunan tungkol sa trabaho, kalusugan & emergency, pabahay, edukasyon pagkatapos ng mataas na paaralan, libangan, at transportasyon:
<https://www.seattleu.edu/ccts/agency-connections/>

Suporta at Mapagkukunang Batay sa Komunidad:

- Washington PAVE: <http://wapave.org/>
- Open Doors for Multicultural Families: <http://www.multiculturalfamilies.org>
- Independent Living Center: Hanapin ang lokal na kabanata sa <http://www.wasilc.org/> sa ilalim ng “IL center” tab
- The Arc: Hanapin ang lokal na kabanata sa http://arcwa.org/aboutus/local_arc_chapters

Pag-aaplay at Paghahanda para sa Kolehiyo

- Pag-aaplay sa Kolehiyo: <https://studentaid.ed.gov/sa/prepare-for-college/applying>
 - Itong website ay nagpapaliwanag sa proseso ng pag-aaplay para sa kolehiyo, at may links sa ibang mapagkukunan.
- Pagpili ng Paaralan: <https://studentaid.ed.gov/prepare-for-college/choosing-schools>
 - Itong site ay may impormasyon ng mga hakbang na pwedeng kuning manaliksik ng mga posibleng kolehiyo o paaralang pang-karera.
- Pandagdag na Tulong at Serbisyo para sa Estudyanteng May Kapansanang Natapos sa Mataas na Paaralan: <https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/auxaids.html>
 - Itong mapagkukunan ay may impormasyon tungkol sa pandagdag tulong (teknolohiyang pantulong) sa kolehiyo at unibersidad.
- Maghanda para sa Kolehiyo: <https://studentaid.ed.gov/sa/prepare-for-college>
- University of Washington Disabilities, Opportunities, Internetworking, and Technology (DO-IT): <http://www.washington.edu/doit/> and <http://www.washington.edu/doit/programs>

Espesyal na Programang Kolehiyo para sa Estudyanteng may Kapansanang Pag-unlad o Intelektwal.


- Think College: Itong website ay may maraming mapagkukunan para sa estudyanteng may kapansanang pag-unlad o intelektwal. Makakakita ka ng mapagkukunan, makakahanap ng kolehiyo at makikita kung anong nangyayari sa iyong estado. <http://www.thinkcollege.net>
- Highline College
 - ACHIEVE Program: <https://achieve.highline.edu/>
- Bellevue College
 - Occupational Life Skills (OLS): <http://www.bellevuecollege.edu/ols/>
 - Autism Spectrum Navigators: <https://www.bellevuecollege.edu/autismspectrumnavigators/>
- University of Washington
 - Disabilities, Opportunities, Internetworking, and Technology (DO-IT): <http://www.washington.edu/doit/> and <http://www.washington.edu/doit/programs>
- Washington State University
- Responsibility, Opportunities, Advocacy, and Respect (ROAR): <https://education.wsu.edu/graduate/specialed/wsuroar/>



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ano ang Serbisyong Batay sa Pagiging Karapat-Dapat?

Ang **Serbisyong Batay sa Pagiging Karapat-Dapat** ay mga serbisyo na kailangan kang mag-aplay at mag-kwalipika upang matanggap ang mga serbisyo. Maraming serbisyong batay sa pagiging karapat-dapat na para sa mga matandang may kapansanan ay makukuha mula sa pamahalaang pederal (e.g. Administrasyon ng Panlipunang Seguridad), o iba-ibang mga kagawaranag pang-Estado sa ilalim ng Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (DSHS) sa Estado ng Washington.



Bawat ahensya ng serbisyong pang-matanda ay may sariling pangangailangan para mag-aplay at maging kwalipikado. Para ayusin ang suportang kailangan ng kabataan sa buhay pagkatapos ng mataas ng paaralan, maging pamilyar sa:

- Mga uri ng serbisyong nasa ilalim ng bawat programa
- Mga pangangailangan (o kwalipikasyon); at
- Mga dokumentong kailangan para mag-aplay



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ano ang Administrasyong Kapansanang Pag-unlad (DDA)?¹

Ang **Administrasyon ng Kapansanang Pag-unlad (DDA)** ay nagsisilbi sa taong may kapansanan pag-unlad at intelektwal (DD/ID) at kanilang pamilya. Ang layunin ng DDA ay suportahan ang taong may DD/ID upang mamuhay ng ayon sa gusto nila sa tulong ng mga suporta at serbisyong batay sa komunidad.



Sa pinakamababa, ang taong nag-aaplay para sa serbisyong DDA ay dapat:

- ☒ Isang residente ng estado ng WA
- ☒ May dokumentadong kondisyon na kwalipikado sa DDA **bago umabot** ng 18 taong gulang.

Bisitahin ang www.dshs.wa.gov/dda at i-click ang [Eligibility](#)

Mahalagang Impormasyon Dapat Malaman sa DDA

1. Maaring mag-aplay sa DDA sa kahit anong eda, ngunit **lubos na inirerekomendang mag-aplay bago matapos sa mataas na paaralan.**
2. Kung ikaw ay tinanggihang maging kwalipikado, maari kang humiling ng patas na pagdinig.
3. Muling mag-aplay kung ikaw ay may bagong impormasyong diagnostic o pagsusulit ng IQ na hindi pa nasuri ng DDA sa iyong nakaraang pagsusuri.
4. Ang pagtanggap ng abisong kwalipikado ka ng DDA ay **HINDI** nangangahulugang awtomatikong makakatanggap ka ng serbisyo. Ang serbisyong DDA ay batay sa indibidwal na pangangailangan at pondo. Tawagan ang opisina ng DDA para sa “pagsusuring batay sa pangangailangan.”
5. Ang ibang serbisyong DDA ay nakukuha depende sa **edad, pondong nakalikom**, at kung ang indibidwal ay kwalipikado sa **Medicaid**.
6. Ang pagiging kwalipikado sa DDA ay napapaso sa edad 4 at 10 taong gulang. Ang kwalipikasyon ay sinusuri muli sa edad 19 sa karamihang kliyente. Ikaw ay makakatanggap ng abisong sulat na may karagdagang direksyon kung ang kwalipikasyon ng anak ay mapapaso na or muling susuriin.
7. Ang DDA ay nagpapagamit ng tagasalin ng walang bayad.

***Siguraduhing ipaalam sa opisina ng DDA kung binago mo ang iyong contact impormasyon (telepono, address, etc.)

¹ Developmental Disabilities Administration. *What we do*. <https://www.dshs.wa.gov/dda>



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Bakit mahalagang mag-aplay sa Administrasyon ng Kapansanang Pag-unlad (DDA)?

Sa mga indibidwal na nangangailangan ng pangmatagalang suporta, ang pag-aaplay sa serbisyong DDA ay napakahalaga dahil:

- Ang DDA ay makakabigay ng suporta sa tahanan, sa trabaho, at sa komunidad
- Ang DDA ay makakabigay ng pangmatagalang suporta sa trabaho
- Ang DDA ay makakasuperta sa patuloy na suportang sa pangangailangan medical at pang-uugali

****** Binibigyan-diin ng DDA ang Pansariling-Sentrong-Pagplano para makabuo ng suporta batay sa kagustuhan, pangangailangan, at lakas.

****** Ang DDA ay may mga brochure tungkol sa iba-ibang serbisyo, mararmi nito ay nakasalin sa: Cambodian, Chinese, Korean, Laotian, Russian, Somali, Spanish, at Vietnamese. Tignan ang www.dshs.wa.gov/dda/publications/dda-brochures

Kung kailangan ng tulong maintindihan ang mga program at serbisyo ng DDA, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng DDA.

Kwentong Pamilya: Si Mickle at ang Kanyang Mga Magulang



“Dahil sa kapansan, kailangan ni Mickle ng alaga bente kwatro oras para sa kanyang kaligtasan. Nag-aplay kami sa DDA noong dalawang taong gulang si Mickle. Humiling kami ng pagsusuri at naging kawalipikado kami para sa serbisyong relyebo. Pwede kaming kumuha ng relyebong tagapag-alaga na magdadala sa kanya sa mga aktibidad niyang gusto sa komunidad. Ang relyebong tagapag-alaga

ay naniniguradong ligtas siya. Noong nasa gitnang paaralan si Mickle, dinala siya ng kanyang relyebong tagapag-alaga para magboluntaryo sa bangko ng pagkain at tindahang matipid pagkatapos ng klase. Ito ay nakapaghandang kay Mickle sa pagtanda at pagtrabaho. Ang serbisyong relyebo ng DDA ay hindi sadya para mag-alaga ng tao sa tahanan. Ito ay para hikayatin ang mga taong makipag-ugnayan sa komunidad sa lubos ng kanilang kakayahan. Pinag-isipan namin ang pinakamagandang paraang gamiting ang serbisyong DDA upang magka-oportunidad si Mickle sumama sa komunidad at masiyahan sa buhay. Nang maging 21 taong gulang si Mickle, naging kwalipiadko siyang tumanggap ng suportadong serbisyong pantrabaho mula rin sa DDA.



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ano ang Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR)?

Ang **Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR)** ay tumutulong sa may kapansanang nais magtrabaho ngunit nakakaranas ng hamon sa paghahanap o pananatili sa trabaho. Upang makatanggap ng serbisyo mula sa DVR, kailangang mag-aplay at maging kwalipikado para sa dito.



Sa pinakamababa, ang taong nag-aaplay para sa serbisyong DVR ay dapat:

- ☑ Ang mga indibidwal ay kailangan mamamayan ng US o may balidong permisong magtrabaho (Berdeng Card) para makatanggap ng serbisyong DVR.

May dokumentadong kondisyon na kwalipikado sa DVR.

Bisitahin ang www.dshs.wa.gov/dvr.

Kapag ang isang tao ay naging kwalipikado sa DVR, ang DVR ay nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng



pagpapayo at
paggagabay



pagsusuri



pagplano ng
benepisyo



serbisyong batay sa
trabaho



serbisyong
teknolohiyang
pantulong



serbisyong
pamumuhay na
nagsasarili



pagsasanay at
edukasyon

Sa pagbibisita sa website na: <https://www.dshs.wa.gov/ra/division-vocational-rehabilitation/services-individuals-disabilities>



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Mahalagang Impormasyong Dapat Malaman sa DVR

1. Ang mga indibidwal ay kailangan mamamayan ng US o may balidong permisong magtrabaho (Berdeng Card) para makatanggap ng serbisyong DVR.
2. Ang suportang DVR ay para sa maikling panahon (hanggang 90 araw pagkatapos magkatrabaho). Ang suporta ay natatapos kapag natiyak ng tagapayo na ang indibidwal ay kaya nang manatili sa trabaho.
3. Ang indibidwal na nangangailangan ng patuloy na suporta para makanatali sa trabaho ay dapat maging kliyente ng DDA at Medicaid, ang maging kwalipikado para sa serbisyong **suportadong trabaho** (tignan ang seksyon sa serbisyong DDA).
4. Maraming tao ang nagsisimula sa pagtanggap ng suportang DVR upang makakuha ng trabaho.
5. Ang DVR ay nagpapagamit ng tagasalin ng walang bayad.



Kontakin ang opisinang DVR na malapit sa iyo, o ang tagapayong DVR na nakatalaga sa iyong paaralan sa <https://www.dshs.wa.gov/RA/dvr/school-transition>.



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Ano ang Pagplano ng Benepisyo²

Ang pagplano ng benepisyo ay para sa sinumang nais magtrabaho at tumatanggap ng pera, benepisyong medikal, pabahay, pagkain, o serbisyong personal na alaga. Isang tagapayo ng benepisyo ay tutulong ipaliwanag ang epekto ng trabaho sa kanilang benepisyo, at paano gamitin ang mga programang insentibo sa trabaho.

Mahalagang Impormasyon tungkol sa Pagpayo sa Benepisyo

1. Akala ng marami na hindi sila pwedeng makatanggap ng benepisyong kapansanan kung sila ay nagtatrabaho, ngunit hindi ito totoo. Ang may kapansanan ay maaring kumita sa trabaho at patuloy na makakatanggap ng benepisyo sa programang insentibo sa trabaho.
2. Upang maging kwalipikado sa mga programang ito, ikaw ay dapat:
 - a. Tumatanggap ng SSI at/o SSDI.
 - b. Nasa edad sa gitna ng 14 taong gulang hanggang edad ng pagretiro at
 - c. Nagpaplanong magtrabaho o nagtatrabaho na
3. Ang pagplano ng benepisyo ay tumutulong na:
 - a. Maintindihan kung ano ang epekto sa benepisyo ng trabaho,
 - b. Payagan kang magtrabaho hanggang possible na walang pag-aalala sa pagtuloy ng benepisyo
 - c. Matuto ng insentibong ng trabaho ng Panlipunang Seguridad at ibang programang tulong para sa produkto at serbisyong kailangan mo para manatili ka sa trabaho; at
 - d. Makatuklas tungkol sa mga pagpipiliang alagang kalusugan na tugma sa iyong pangangailangan.
4. Kwentahin ang epekto ng iyong kinikita sa iyong benepisyo sa:
<https://www.dshs.wa.gov/ra/ssi-grant-calculation-earned-income>

² Washington State Department of Social and Health Services. *Benefits planning*.

<https://www.dshs.wa.gov/ra/division-vocational-rehabilitation/benefits-planning>



SERBISYO BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Saan ako kukuha ng suporta para sa Pagplano ng Benepisyo?


Kung ikaw ay kliyente ng Dibisyon ng Bokasyonal na Rehabilitasyon (DVR), maari kang humingi ng serbisyong pagplano ng benepisyo.

Ang Estado ng Washington ay mayroon ding dalawang programang pagpapayo para sa benepisyo ng estado: **Planong Magtrabaho** at **Magplano Para sa Trabaho**.

- Parehong programa ay libre para sa kwalipikadong kalahok.
- Parehong programa ay nagbibigay ng parehong serbisyo at bukas sa buong estado.
- Puwede maabot ang serbisyo ng derecho sa tao o sa telepono.

Itong mapa ay nagpapakita ng:

- Lugar ng serbisyo ng **Planong Magtrabaho** ay nasa berde
- Lugar ng serbisyo ng **Magplano Para sa Trabaho** ay nasa kahel.





(Pinagkunan: <http://community-minded.org/plan-to-work>)

Para mag-enrol sa **Planong Magtrabaho**, tumawag sa 866-497-9443, pumunta sa www.plantowork.org.

Para makipag-appointment sa **Magplano Para sa Trabaho**, mag-email sa pfw@DROregon.org o tumawag sa 1-800-452-1694, x 227 (walang toll) o 503-243-2081.

*Mag-iwan ng voicemail ng iyong pangalan, impormasyon pang-contact at interes sa pagplano ng benepisyo.





Portpolyo ng TAKBO NG BUHAY KO

Anong uri ng mga kasanayan ang nakakaapekto sa iyong hinaharap?

Maglista ang mga **NAKARAAAN** at **KASALUKUYANG** karanasan na sumusuporta patungo sa MABUTING BUHAY

Maglista ng mga **karanasan** sa **HINAHARAP** na gusto mong danasin tungo sa MABUTING BUHAY

Maglista ng **ANUMANG** karanasan na tumutulak sa iyo patungo sa buhay na **HINDI** mo gusto

Ang aking pagtanaw tungo sa isang
MABUTING BUHAY

Mga HINDI KO gusto





Portpolyo ng TAKBO NG BUHAY KO

Isang pahinang profile para kay _____

Mga gusto at hinahangaan ng mga tao tungkol sa AKIN

Mga Importante para sa AKIN

**Pinakamabuting Paraan na AKO ay
Suportahan**

I-access ang framework at tool ng LifeCourse sa www.lifecoursetools.com/



Buhay Pagkatapos ng Sekondarya

Seksyon 4: Seguridad at Kalusugan



TAGALOG

Download at: www.multiculturalfamilies.org/programs-services/youth-transition-program/transition-guide-download/

Mga Nilalaman

Anong mga Pagbabago ang Nangyayar sa Edad na 18?	2
Ano ang Pangangalaga?	4
Ano ang mga Kasanayan sa Pamamahala ng Pera?	6
Suporta sa pananalapi batay sa pagiging karapat-dapat para sa mga may-kapansanan	7
Social Security Administration	7
Special Needs Trusts	9
ABLE Act Account	9
Ano paglipat ng pangangalaga ng kalusugan sa mga kabataan?	10
Suporta sa Pangangalaga ng Kalusugan Batay sa Pagiging Karapat-Dapat para sa mga May- Kapansanan	13
Medicaid	13
Mga Pinagkukunan	14
APENDIKS	- 1 -
Ano nag mga Benepisyo sa Social Security?	- 1 -
Ano ang Pagpapalano ng mga Benepisyo?	- 4 -
Ano ang programang Apple Health for Workers with Disabilities (HWD)?	- 6 -
Ano ang Washington State DD Endowment Trust Fund?	- 7 -
Ano ang Account na Achieving a Better Life Experience Account?	- 8 -
Ano ang Pangangalaga?	- 9 -
Mga Pasasalamat	- 1 -

Seksyon 4: Seguridad at Kalusugan



Sa iyong pagtanda, kailangan mong higit na isipin ang pamamahala ng iyong pera at kalusugan. Sa seksyong ito, tinatanong naming ang mga mahalagang katanungan ukol sa pinansyal na seguridad at kalusugan.

Ang Seksyong ito ay sumasaklaw:

- 1. Anong mga Pagbabago ang Nangyayari sa Edad na 18?**
- 2. Legal na Seguridad**
 - a. Ano ang Suportadong Pagawa ng Desisyon?**
 - b. Ano ang Pangangalaga at mga Alternatibo sa Pangangalaga?**
- 3. Pinansyal na Seguridad**
 - a. Ano ang Kakayahan sa Pamamahala ng Pera?**
 - b. Pinansyal na Suporta Batay sa Pagiging Karapat-dapat para sa mga May-Kapansanan**
- 4. Paglipat sa Pangangalaga sa Kalusugan**
 - a. Ano ang paglipat ng pangangalaga sa kalusugan?**
 - b. Suporta sa Pangangalaga sa Kalusugan batay sa Pagiging Karapat-dapat para sa mga May-Kapansanan**
- 5. Apendiks: Impormasyong Legal at mga Serbisyo Batay sa pagiging Karapat-dapat**

Para sa Kabataan:

- Alamin ang iyong mga responsibilidad bilang isang may sapat na gulang kapag tumuntong na sa edad na 18.
- Matutunan ang mga importanteng kasanayan na kailangan mo upang pamahalaan ang iyong pera.
- Matutunan ang mga importanteng kasanayan kailangan mo upang pamahalaan ang iyong pangkalusugan at medical na pangangailangan.
- Magpraktis sa pagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pananalapi at kalusugan na mayroon o walang suporta galling sa mga nakakatanda sa iyo.
- Kilalanin at mag-aplay sa mga serbisyo na batay sa pagiging karapat-dapat na tumutugma sa iyong mga pangangailangan.

Para sa Pamilya at mga Tagapag-alaga:

- Alamin nag mga pagbabago na nangyayari kung ang kabataan ay tumutuntong sa edad na 18.
- Suportahan ang kabataan sa pagawa ng mga importanteng desisyong ukol sa kanilang mga legal na mga karapatan, pananalapi, ay kalusugan.
- Isaalang-alang ang mga alternatibo sa pangangalaga bago alisin ang mga karapatan ng kabataan.
- Kilalanin at mag-aplay sa mga serbisyo batay sa pagiging karapat-dapat na tumutugma sa mga pangangailangan ng kabataan at pamilya.

Anong mga pagbabago ang nangyayari sa edad na 18?

Ang mga magulang o tagapangalaga ng mga batang may kapansanan ay may malaking papel sa paggawa ng mga desisyon sa buhay tungkol sa:



Edukasyon



Kalusugan



Pamamahala sa Pera



Legal na mga desisyon

Gayunpaman, sa Estados Unidos, kapag ang kabataan ay 18 taong gulang, ang mga magulang o tagapangalaga ay hindi na magkakaroon ng legal na awtoridad upang gumawa ng mga pagpapasya para sa kanilang mga kabataan nang walang pahintulot o pagkuha ng legal na pangangalaga.

Saklaw ng seksyon na ito kung paano matutulungan ng mga magulang at tagapangalaga ang kanilang kabataan na may mga kapansanan at mga espesyal na pangangalagang pangkalusugan na gumawa ng mga **suportadong desisyon** na nakakaapekto sa kanilang mga pananalapi, kalusugan, at mga karapatan pagkatapos nilang maging 18.

Ang **suportadong desisyon** ay nangangahulugang sinusupportahan ng mga magulang at tagapangalaga ang kanilang mga kabataan upang gumawa ng mga desisyon na magpapalawak sa kanilang kontrol at pagpili.

Tulungan akong gumawa ng mga desisyon sa aking sarili!



Igalang ang aming karapatang gumawa ng mga desisyon sa:

- Sino ang gusto kong maksama;
- Saan ko gusting tumira at magtrabaho;
- Paano ko gustong gamitin ang aking pera; at
- Paano ko gustong maalagaan.

(Malaman ang higit pa sa: <http://www.parentcenterhub.org/age-of-majority-parentguide/>)

Mensahe para sa mga Magulang at Tagapangalaga



“Bilang isang magulang, nais nating tiyakin na ang protektado ang kapakanan ng ating mga anak na lalaki at babae. Ngunit iyon ay hindi nangangahulugan na lahat ng mga magulang ay kailangang makakuha ng legal na pangangalaga sa kanilang mga anak na may kapansanan na may sapat ng gulang.

Gusto kong hikayatin ang mga magulang na mag-isip at igalang din na ang ating mga anak ay matanda na ngayon. Kapag naging mga adulto sila, dapat din nilang matuto na pangalagaan ang kanilang sarili. At sa katunayan, marami sa ating mga anak ay may kakayahan.

Maaari nating turuan ang ating mga anak kung paano gumawa ng mga desisyong suportado natin batay sa kanilang mga kakayahan. Halimbawa, gumawa ng isang viswal na iskedyul na nagpapaalala sa kabataan na 'kapag ang tumunog na ang alarma, oras ng inumin ang iyong gamot.' Magsimula mula doon, at unti-unti matututunan nila kung paano gumawa ng kanilang sariling mga desisyon tungkol sa pananalapi o kalusugan.”



Ano ang Pangangalaga?

Ang **pangangalaga** ay isang legal na proseso kung saan napagpasiyahan ng hukuman na ang isang May-Kapansanan na nasa sapat na gulang ay walang kakayahang gumawa ng desisyon sa ilan o lahat ng aspeto ng kanyang buhay at nagtatalaga ng tagapag-alaga. Ang tagapag-alaga ay ang gumagawa ng mga pagpapasya sa ngalan ng taong may kapansanan.

Ang lahat ng mga tagapag-alaga ay kailangang maaprubahan ng korte, at ang pananagutang ng paggawa ng desisyon ay nakasalalay sa laki ng suporta na kailangan ng taong may kapansanan.

Bago mangyari ang isang legal na pangangalaga, mahalaga na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng pangangalaga, pag-aralan ang mga alternatibong opsyon sa pangangalaga, at pagpasyahan ang pinakamahusay na opsyon para sa pagsuporta sa isang kabataan na may mga kapansanan upang gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa kanilang pang-adultong buhay.

Ano nag mga Alternatibo sa Pangangalaga?

Mayroong ilang mga alternatibo sa legal na pangangalaga para sa mga taong may kapansanan, ito ay iba-iba ayon sa suportang kailangan ng taong may kapansanan, ang mga uri ng mga desisyon na maaaring gawin, at kung kalian ito maaaring gawin.

Isang alternatibo sa legal na pangangalaga ay ang **power of attorney**. Ang dokumentong ito ay nagbibigay kapangyarihan sa isang tao tulad ng isang magulang na kumilos sa ngalan ng taong may kapansanan, tulad ng mga desisyon para sa kanilang mga pananalapi o pangangalagang pangkalusugan.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa pangangalaga at mga alternatibong opsyon, basahin sa Appendix (pahina 24).

Kwento ng Pamilya



"Sa aking kalagayan, mayroon akong anak na may kapansanan na nakakaapekto sa kanyang buhay— limitado ang kanyang kakayahang pangalagaan ang kanyang kalusugan o pamahalaan ang kanyang sariling pera. Maaari siyang masungkot sa gulop kung karagdagang suporta o proteksyon para sa kanya. Habang minamasdan ko ang aking anak na nangangailangan ng lahat ng suportang ito, napagpasyahan kong maging tagapangalaga nya, mag-aalaga sa kanyang mga pangangailangan, ay isang mabuting desisyon. Bllang isang tagapangalaga, gumagawa ako ng mga desisyon sa halip ng aking anak para sa kanyang ikabubuti. Lahat ng mga tagapangalaga ay mayroong resposibilidad magriport sa korte."

Anong mga uri ng desisyon ang kailangan ko ng tulong?

Bago tuklasin ang pangangalaga o ang mga alternatibo, mahalaga na malaman kung anong uri ng mga pagpapasya ang kinakailangan ng kabataan na may kapansanan. Ang worksheet sa ibaba ay makakatulong sa iyo na makilala ang ilang mga lugar kung saan maaaring kailanganin ang tulong.

May kakayahan ba ang tao...? ⁱⁱ	Oo	Siguro	Hindi
Araw-araw na pamumuhay: Gumugol ng oras sa bahay o sa komunidad nang walang panganib na mapahamak? Gumawa ng mga desisyon at ipahayag ang kanilang mga pagpipilian sa ibang mga tao?			
Kalusugan: Alagaan ang personal na kalinisan? Pangasiwaan ang kanilang mga gamot / gumawa ng mga desisyon tungkol sa medikal na paggamot? Alamin kung kailan dapat kumain at manatiling malusog?			
Pinansyal, Legal, at Pisikal na Seguridad: Pangasiwaan ang sariling pera (halimbawa: magbayad ng mga bayarin sa oras)? Unawain at pahintulotan ang mga dokumento o serbisyo sa legal, medikal, at pinansyal? Protektahan laban sa pananalapi / sekswal na pagsasamantala?			
Sosyal: Makipag-ugnay ng naaangkop sa pamilya, mga kaibigan, katrabaho at mga kabyak? Naiintindihan ang angkop na mga relasyong sekswal?			
Pamumuhay sa Kumunidad: Ligtas na magtungo sa mga lugar sa labas ng kanilang tahanan?			
Pagkamamamayan: Magpakita ng kakayahang bumoto? Naiintindihan ang mga kahihinatnan ng paggawa ng mga desisyon na nagreresulta sa paggawa ng isang krimen? Alamin kung kailan angkop na magbahagi ng impormasyon sa mga magulang, miyembro ng pamilya, o mga kaibigan na hindi isang legal na tagapangalaga?			

(Inangkop ng may patnugot mula sa <http://moguardianship.com>).

I-tsek:

- ☒ OO kung magagawa ng isang kabataan sa kanilang sarili o may limitadong tulong.
- ☒ SIGURO kung magagawa ng isang kabataan na may kaunting suporta.
- ☒ HINDI kung kaylangan ng kabataan ng tagapangalaga o alternatib para gumawa sa halip ng kanilang sarili.to do on their behalf.

Maaaring tulungan ng worksheet na ito ang mga magulang o tagapag-alaga na balansehin ang pagprotekta sa kanilang anak sa pamamagitan ng pagpapanatili ng karamihan ng kanilang mga karapatan bilang isang taong nasa sapat ng gulang hangga't maaari. Tandaan na ang worksheet na ito ay isang instrument lamang! Humingi ng payo mula sa isang legal na propesyonal kapag isinasaalang-alang ang pangangalaga o mga alternatibo.

Ano nag mga kasanayan sa pamamahala ng pera?



Kabilang sa mga kasanayan sa pamamahala ng pera ang:

- Pag-alam sa halaga ng pera
- Pagkita ng pera
- Pag-impok ng pera
- Pagbabadyet
- Paggastos ng pera ng matino

Bakit mahalaga ang mga kasanayan sa pamamahala ng pera?

Bakit mahalaga ang mga kasanayan sa pamamahala ng pera? Maraming mga kabataan na may kapansanan ang may mga magulang o tagapangalaga upang pamahalaan ang kanilang pera para sa kanila, at maaaring hindi magkaroon ng pagkakataon na magsanay para sa kanilang sarili.ⁱⁱⁱ

Para sa mga kabataan, ang malaman kung paano kumita, gumastos, at makatipid ng pera nang matalino ay isang mahalagang kasanayan sa buhay para sa pagtanda. Ang pagkakaroon ng plano at responableng paggamit ng iyong pera ay tumutulong sa iyo na magkaroon ng kontrol sa iyong buhay, na nagbibigay-daan sa iyo upang magbayad para sa mga kailangan at gusto mo. Gayunpaman, ang iresponsableng pamamahala ng iyong pera ay maaaring humantong sa mga utang at iba pang mga problema sa pananalapi.

Paano matutulungan ng mga pamilya ang mga kabataang may kapansanan na pamahalaan ang kanilang pera?^{1,2}



"Tinutulungan ako ng nanay ko na magsanay kung paano ang mamili ng matalino sa pagtingin sa presyo! Mayroon din akong isang app sa aking smartphone na nakakonekta sa aking bank account. Inaalerto ako ng app kapag ang laman ng aking account ay mas mababa sa \$100, para alam ko na hindi gumastos ng sobra."



"Inihahanda ni Mickle ang kanyang pera para sa pagsakay ng bus bago magtrabaho sa kanyang sarili. Tinulungan siya ng kanyang pamilya magbilang ng perang kakailanganin niya, at paglalagay ng mga ito sa isang supot na dinadala nya sa trabaho. "

1 National Collaborative on Workforce and Disability "How Families can Help": www.ncwd-youth.info/sites/default/files/InfoBrief-42-Developing-Financial-Capability-Among-Youth-How-Families-Can-Help.pdf

2 Cents and Sensibility: A guide to money management for people with disabilities: <http://www.fliconline.org/documents/patffinancialeducationbooklet-final.pdf>

Pinansyal na Suporta Batays a Pagiging Karapat-dapat para sa mga Taong may Kapansang nasa Tamang Edad

Bagama't maraming taong may kapansanang nasa tamang edad ang kumikita sa pamamagitan ng trabaho, kadalasan ang kanilang suweldo ay hindi nasasakop ang lahat ng kanilang mga buwanang gastos. Ang mgs **serbisyong batay sa pagiging karapat-dapat** ay mga serbisyong kailangan mong iaplay at ipasa para ikaw ay makatanggap ng mga serbisyo. Sa ibaiba ay iilang mga mapagkukunan na maaring tumulong sa mga may-kapansanang nasa tamang edad.

Social Security Administration

Ang pederal na Social Security Administration (SSA) ay nagbibigay ng tulong sa salapi sa mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng Supplemental Security Income (SSI) at Social Security Disability Insurance (SSDI).



Kahit na ang parehong mga programa ay sa pamamagitan ng SSA, mayroon silang iba't ibang mga rekisito at iba't-ibang benepisyo sa pagiging karapat-dapat. Upang matuto nang higit pa tungkol sa SSI at SSDI, sumangguni sa seksyon ng Apendiks.

Supplemental Security Income (SSI)	Social Security Disability Insurance (SSDI)
• Ang SSI ay nakabatay sa pangangailangan; kailangan mong magkaroon ng mas mababa sa \$2000 sa mga ari-arian at napaka-limitadong kita, pero walang rekisito sa trabaho. • Upang mag-kwalipay sa SSI, dapat kang maging bulag, matatanda, o may kapansanan. • Sa sandaling tumuntong sa edad na 18 ang tumatanggap ng SSI, ang kita ng kanilang mga magulang ay hindi mabibilang sa kanilang benepisyo.	• Ang SSDI ay isang programa na nagbabayad ng mga benepisyo sa iyo kung ikaw ay magkaroon ng kapansanan bago mo maabot ang edad ng pagreretiro. • Upang maging kwalipikado para sa SSDI, dapat ikaw ay nakapagtrabaho sa sapat na katagalan sa isang trabaho na nagbabayad ng mga buwis sa Social Security

Myths about SSI/SSDI^v

KATHANG-ISIP	KATOTOHANAN
Hindi ako makapagtrabaho dahil sa aking kapansanan.	Kadalasan, kung may makatwirang kalayagan, maaari kang maging matagumpay sa maraming uri ng trabaho!
Mawawala ang aking mga tseke ng SSI / SSDI kapag magsisimula akong magtrabaho.	Ang SSI at SSDI ay may mga patakaran upang maprotektahan ang iyong mga benepisyo upang ikaw ay makapagtrabaho ng walang pag-aalala tungkol sa pagkawala ng iyong mga benepisyo. Matuto nang higit pa tungkol sa mga pagpapayo sa benepisyo (pahina 29).
Kung magtatrabaho ako, mawawala ang aking mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan.	Mayroong maraming mga paraan na maaari mong mapanatili ang iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan kapag nagsimula kang magtrabaho.
Kung magsisimula akong magtrabaho, ang Social Security ay magpapasya na wala akong kapansanan.	Kahit na maaari nilang repasuhin ang iyong kaso, ang SSA ay hindi awtomatikong ititigil ang iyong mga benepisyo dahil lamang sa ikaw ay nagtatrabaho.
Walang mga mapagkukunan na tutulong sa akin na makahanap at panatilihin ang isang trabaho.	Mayroong maraming mga mapagkukunan para sa mga taong may kapansanan upang makahanap at panatilihin ang isang trabaho! Rebyuhin ang Seksiyon 3: Pang-araw-araw na Buhay para sa ilang halimbawa.
Hindi ko kayang bayaran ang mga sobrang gastusin para sa pagsisimula ng trabaho.	May mga programa na magagamit upang makatulong sa iyo sa transportasyon o mga gastusin sa teknolohiyang pantulong.
Hindi ko kailangan ang aking mga benepisyo hangga't mayroon akong trabaho, ngunit kung kailangan kong tumigil sa pagtatrabaho ay hindi ko mababawi ang aking mga benepisyo.	Ang parehong SSI at SSDI ay may mga espesyal na patakaran na nagpapahintulot sa iyong mga benepisyo na maibalik muli nang hindi na kailangang mag-aplay muli para sa mga benepisyo.

Mga Kwento ng Kabataan at Pamilya



"Noong ako ay nag-18, tinulungan ako ng aking ina na mag-aplay para sa Supplemental Security Income (SSI). Nakatira pa rin ako sa aking pamilya, ngunit nagbabayad ako ng upagamit ang mga benepisyo ng SSI upang magsanay at maging handa upang mabuhay ng mag-sa sa hinaharap. Nagkaroon din ako ng pagpapayo para sa mga benepisyo sa isang tagapayo ng DVR, na nakatulong sa akin na makahanap ng mga paraan upang mapanatili ang aking mga benepisyo sa SSI habang nagtatrabaho ako!"



"Ayon sa batas, ang mga benepisyo ng SSI ay isang asset para sa taong may kapansanan. Kaya bilang tagapangalaga ng aking anak, responsable ako sa pagtiyak na ang benepisyo ng SSI ay ginagamit upang alagaan ang aking anak, tulad ng renta, pagkain, at damit. Ako din ang responsable sa pagtatala kung paano ginugol ang benepisyo ng SSI, dahil ang mga tagapangalaga ay kinakailangang mag-ulat sa korte batay sa proseso ng pag-renew ng iyong pangangalaga. Ang ulat na ito ay gagamitin ng hukom upang matukoy kung angkop kang maging tagapangalaga sa taong may kapansanan."

3 Learn more about benefits counseling in Appendix.

Special Needs Trusts^{vi vii}

Ang isang trust ay isang kaayusan kungsaan ang isang **tagapangasiwa** ay legal na namamahala sa ari-arian o pera ng benepisyaryo na tinatawag na "**trust**." Ang **benepisyaryo** ay isang taong may kapansanan na ginawan ng trust at ang tagapangasiwa ay maaaring isang tao, bangko o iba pang nilalang.

Mayroong dalawang uri ng Special Needs Trusts:

- Trust I: Third Party Settled Special Needs Trust
- Trust II: Self-Settled Special Needs Trusts

Ang Special Needs Trust ay hinahayaan ang mga benepisyaryo na makatipid ng higit sa \$ 2,000 upang magamit sa hinaharap nang hindi nawawala ang Supplemental Security Income (SSI) at Medicaid. Ito rin ay nagbibigay ng safety net upang makabayad sa mga serbisyo sa pagkakataong ang isang may-kapansanan ay mawalan ng mga serbisyo dahil sa pagbabawas sa badyet at mga pagbabago sa patakaran.

Kailangan mong kumuha ng abogado o gamitin ang **Washington State DD Endowment Trust Fund** upang i-set up ang trust. Upang matuto nang higit pa basahin ang Apendiks o bisitahin ang: <http://ddetf.wa.gov/>.



ABLE Act Account^{viii ix}

Sa 2016, ipinatupad ng Estado ng Washington ang **Achieving Better Life Experience (ABLE) Act**, na magpapahintulot sa mga may kapansanan at mga ikatlong partido na mag-ambag sa isang savings account.

Ang kita at withdrawals ay libre sa buwis hangga't ginagamit ito para sa isang kuwalipikadong gastusin sa kapansanan. Ito ay iba sa special needs trust.

Ang mga Account sa ABLE Act ay nakatuon sa sarili, ito ay nangangahulugang hindi sila nangangailangan ng tagapangasiwa o trust manager ng pondo. Katulad ng isang special needs trust, ang savings sa isang Account ng ABLE Act ay hindi kwekwentahin kapag tinutukoy ang pagiging karapat-dapat para sa SSI at Medicaid hangga't ang halaga ay hindi lalampas sa itinakdang halaga.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa ABLE Act, basahin ang Apendiks o bisitahin ang: <http://www.ablenrc.org/>.



Ano ang paglipat ng pangangalaga ng kalusugan sa mga kabataan?^x

Ang paglipat ng pangangalaga ng kalusugan sa mga kabataan ay nangyayari kapag lumilipat ka mula sa pangangalaga ng pambatang kalusugan sa pangangalaga sa pang-adultong kalusugan. Ang ibig sabihin nito ay paghahanda para sa pangangalaga ng iyong kalusugan bilang isang adulto, kung kailangan mong lumipat mula sa tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa mga bata patungo sa pang-adultong pangangalaga, ito ay maaaring isang manggagamot ng pamilya o nars. Ang panahon ng paglipat ay isang panahon para sa mga kabataan na kumuha ng responsibilidad para sa kanilang sariling pangangalaga sa kalusugan batay sa kanilang kakayahan. Maaaring kabilang dito ang paggawa ng mga apoyntment, pagpuno ng mga form, pagsubaybay sa mga gamot, at pagkuha ng repil. Maaaring kailanganin ng mga kabataan ang isang magulang o tagapangalaga upang makatulong sa mga kasanayang ito sa simula, ngunit kung mayroon kasanayan, ang karamihan sa mga kabataan ay maaaring gawin ito mag-isa.



Bakit importante ang paglipat ng pangangalaga ng kalusugan sa mga kabataan?

Kapag ang mga kabataan ay nag-18, ang ilang mga kabataan ay maaaring kumuha ng dagdag na responsibilidad upang pangalagaan ang kanilang sariling kalusugan. Maaaring kabilang dito ang pagtawag sa doktor, paggawa ng mga apoyntment, pagpuno ng mga form, o pag-access sa iyong mga medikal na rekord.

Para sa mga kabataan na may mga kapansanan na patuloy na nangangailangan ng makabuluhang suporta sa magulang, tuklasin ang mga opsyon tulad ng suportadong paggawa ng desisyon, matibay na power of attorney, o parsyal na legal na pangangalaga na kinakailangan bago ang kabataan ay mag-18.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga pagpipiliang ito, kumunsulta sa iyong doktor o legal na mga propesyonal, o basahin ang “*Turning 18: What it Means for Your Health*” at <http://gottransition.org/>.

Maaaring may mga transisyon sa saklaw ng pananalapi o iba pang segurong pangangalaga sa kalusugan. Basahin ang seksyon sa 'Suporta sa Pangangalaga sa Kalusugan Batay sa Pagiging Karapat-dapat ng mga Adulto na may Kapansanan' (pahina 14).

Paano makahanda ang mga pamilya ng mga taong may kapansanan na nasa sapat ng gulang para sa paglipat ng pangangalaga sa kalusugan?



Maaaring magsimula ang ilang mga pamilya sa paghahanda ng mga sumusunod:

- ☐ Kung may sariling pedyatrisyan, tukuyin ang pangunahing tagabigay ng pangangalaga.
- ☐ Listahan ng lahat ng mga klinika at kagawaran kung saan ang mga kabataan ay tumatanggap ng pangangalaga.
- ☐ Listahan ng mga medikal na talaan na kailangang ilipat sa bagong tagabigay ng pangangalaga at kung paano mailipat ang mga medikal na talaan.
- ☐ Anumang impormasyon na maaaring hindi bahagi ng rekord ng medisina, ngunit mahalaga para malaman ng bagong provider (hal. Ang isang kabataan ay nangangailangan ng pampatulog kung kukunan ng dugo).
- ☐ Ang potensyal na miyembro ng pamilya / tagapangalaga para sa mga kabataang hindi kayang mag-isa.

Planning for Emergencies

- ☐ Mayroon bang mga espesyal na pagsasaalang-alang kung nangangailangan ang batang nasa hustong gulang ng emerhensiyang pangangalaga?
- ☐ Anong impormasyon ang kakailangin ng mga mangangalaga upang pinakamahusay na gamutin at suportahan ang aking mga batang adulto kung may emergency?
- ☐ Ang mga young adult at pamilya ay maaaring lumikha ng Medical Identification card o may libreng apps sa [iPhone](#) at/o [Android](#).

Paano matutulungan ng mga pamilya ang mga kabataan na maghanda para sa pangangalaga ng kalusugan para sa mga adulto?

Ang pag-unawa at pag-nabigeyt ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring nakalilito para sa mga kabataan, lalo na kung hindi pa nila ito nagagawa noon. Ang mga magulang, tagapangalaga, at iba pang miyembro ng pamilya ay maaaring makatulong sa kabataang may kapansanan na matuto ng mga kasanayan na kailangan nila upang pamahalaan ang kanilang sariling pangangalagang pangkalusugan. Maaaring makatulong ang pagpapraktis kapag sila ay nagbibinata at nagdadalaga na.



Narito ang ilang mga halimbawa^{xi}:

- ☐ Ilista ang mga tamang pangalan ng mga gamot.
- ☐ Alamin kung kailan iinom ng mga gamot at kung bakit nila ito ginagawa.
- ☐ Gamitin ang teknolohiya para magpaalala: MyMedSchedule.com
- ☐ Alamin nag mga dapat gawin kung makaligtaan ng kabataan na uminom ng (mga) gamot.
- ☐ Magsanay sa pakikipag-usap sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o pagpapaliwanag sa mga kaibigan tungkol sa kanilang kalagayan sa kalusugan at / o diyagnosis sa kanilang sariling mga salita.
- ☐ Magsanay sa pakikipag-uusap tungkol sa kung ano ang dapat nilang gawin upang manatiling malusog–pagkain, mga gawain, ehersisyo, at iba pa.
- ☐ Tulungan silang maunawaan at mapraktis kung ano ang gagawin kung may emergency.

Para sa isang mas detalyadong checklist ng mga kasanayan na may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, bisitahin ang:

<https://cshcn.org/pdf/teen-healthcare-management-skills-checklist.pdf> or <http://www.gottransition.org/resourceGet.cfm?id=224>.

Suporta sa Pangangalaga ng Kalusugan Batay sa Pagiging Karapat-Dapat para sa mga May- Kapansanan

Ang **Medicaid** ay isang programa ng insyurans para sa kalusugan na pinopondohan ng estado at pederal na gobyerno.^{xii} Ang Medicaid ay nagbibigay ng access sa iba't ibang mga serbisyong pangkalusugan ng libre o sa mababang gastos sa mga taong karapat-dapat. Kapag ang isang kabataan ay tumuntong na sa edad na 18, ituturing na silang sariling sambahayan at maaaring mag-aplay sa Medicaid bilang indibidwal.

Mahalagang impormasyon tungkol sa Medicaid

1. Ang pag-aplay sa Medicaid ay pwedeng makatulong sa kabataan na makakuha na insyurans.
2. Ang pagiging karapat-dapat sa Medicaid ay iba dahil sa iilang mga indibidwal na programa.
3. 1. Kung ikaw ay isang non-US citizen, mayroong karagdagang mga kinakailangan para maging karapat-dapat.
4. Pwede kang tumawag sa WithinReach (1-800-322-2588) o bumisita sa <https://parenthelp123.org/benefit-finder> para matulungan ka tungkol sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid at impormasyon sa pag-aplay.
5. May mga paraan upang mapanatili ang Medicaid habang nagtatrabaho!

→ Matuto ng higit pa tungkol sa **Apple Health for Workers with Disabilities (HWD)** sa Apendiks.



(Source: WithinReachWA.org)

Mga Pinagkukunan

Transisyon sa Pagbibinata

▮ Age of Majority Parent Guide: <http://www.parentcenterhub.org/age-of-majority-parentguide/>

Lega na Tulong / Pangangalaga

- The Arc of Washington's guardianship page: <http://arcwa.org/library/guardianship>
- Northwest Justice Project (NJP): <https://nwjustice.org/>
- Washington State Bar Associations: <http://www.wsba.org/Legal-Community/County-Bar-Associations>
- Washington Law Help: <https://www.washingtonlawhelp.org/>

Pamamahala ng Pera

- ABLE Act Account: <http://www.ablenrc.org/about/what-are-able-accounts>
- Cents and Sensibility: A guide to money management for people with disabilities: <http://www.fliconline.org/documents/patffinancialeducationbooklet-final.pdf>
- Plan to Work: www.plantowork.org
- Plan for Work: <https://droregon.org/topics/plan-for-work/>
- Social Security Administration: www.ssa.gov
- Washington State DD Endowment Trust Fund: <http://ddetf.wa.gov>

Pangangalaga sa Kalusugan

- Got Transition: <http://www.gottransition.org>
- PAVE: Family to Family Health Information Center
 - <http://wapave.org/programs/family-family-health-information-center/>
- Seattle Children's Center for Children with Special Needs: <http://www.cshcn.org>
- Washington Connection: <https://www.washingtonconnection.org/>
- Within Reach: <http://www.withinreachwa.org/>

Mga Organisasyon sa Komunidad

- The Arc: Find a local chapter at http://arcwa.org/aboutus/local_arc_chapters
- Independent Living Center: Find a local chapter at <http://www.wasilc.org/> under the "IL center" tab
- Open Doors for Multicultural Families: <http://www.multiculturalfamilies.org>
- Washington PAVE: <http://wapave.org/>

BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Ano ang mga Benepisyo sa Social Security?⁴

Ang federal Social Security Administration (SSA) ay nagbibigay ng salaping tulong sa mga may kapansanan sa pamamagitan ng dalawang programa:

- I. Social Security Disability Insurance (SSDI) at;
- II. Supplemental Security Income (SSI).

Para sa karagdagang inpormasyon sa SSDI at SSI, tingnan ang Talahanayan 1: Komparasyon ng SSDI sa SSI at Talahanayan 2: Mga Insentibo sa Trabaho ng Social Security.

Mahalagang Impomasyon tungkol sa mga benepisyo ng Social Security

1. Mag-aplay sa mga benepisyo ng Social Security BAGO maging 18. Ang proseso ay umaabot sa tatlo hanggang limang buwan, o mas matagal.
 - a. Mag-aplay online sa: www.socialsecurity.gov or;
 - b. Tumawag sa 1-800-772-1213 para gumawa ng apoyntment sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security o mag-set up ng apoyntment sa telepono.
2. Ang SSA ay may mahigpit na pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa kondisyon ng kapansanan.
3. Kung ikaw ay isang non-U.S. citizen, dapat kang magkaroon ng isang tiyak na katayuan sa imigrasyon o maging isang mamamayan upang makatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng SSA.
4. Kung gusto mong magtrabaho, may mga paraan upang mapanatili ang mga benepisyo ng Social Security habang nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagpapalano ng mga benepisyo (tingnan ang pahina 9).
5. Ang SSA ay nagbibigay ng libreng tagasalin ng wika. Matuto ng higit sa: www.ssa.gov/multilanguage/langlist1.html
6. Kung ikaw ay bingi o mahirap na makarinig, ang SSA ay nagbibigay din ng libreng numero TTY: 1-800-325-0078 sa pagitan ng 7am at 7pm sa mga araw ng negosyo.

Upang mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security, bisitahin ang: <https://secure.ssa.gov/ICON/main.jsp>

⁴ Adapted from *Planning My Way to Work*. Oregon Council on Developmental Disabilities with a permission

BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Table 1. Komparasyon ng mga programa para sa mga may kapansanan ng SSDI at SSI⁵

	SSDI	SSI
Pinakamababang Rekisito	Dapat matugunan ang pamantayan ng kapansanan ng SSA Ikaw o isa sa iyong magulang ay nagkapagtrabaho sa sapat na katagalan upang magbayad ng mga buwis sa Social Security	Dapat matugunan ang pamantayan ng kapansanan ng SSA Kailangang may limitadong kita at mapagkukunan
Sakop ng Insturans sa Kalusugan	Medicare	Medicaid WA state: Apple Health for Workers with Disabilities (HWD)
Halaga ng buwanang bayarin	Ang iyong buwanang bayarin sa SSDI ay batay sa katampatan ng habangbuhay na kita ng manggagawa na sakop ng Social Security Ang halagang ito ay nagbabago taon-taon upang sumagot sa mga pagbabago sa antas ng pamumuhay	Ang iyong bayarin sa SSI ay batay sa Federal Benefit Rate (FBR) na nagbabago taon-taon. Ang iyong bayarin sa SSI ay katumbas ng FBR na babawasan ng iyong kita, at dadagdagan ng suplemento ng estado (kung mayroon man) Ang suplemento ng estado ay isang maliit na bayarin na nagpapataas sa halaga ng benepisyo.
Suplemento ng Estado	Wala	Ang suplemento ng Washington ay paiba-iba

⁵ Adapted from [Planning My Way to Work](#). Oregon Council on Developmental Disabilities with a permission

BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Table 2. Mga Programa ng Insentibo sa Trabaho ng Social Security⁶

	Title II SSDI	Title XVI SSI
Pangkalahatang Panuntunan ng Trabaho	Ang tseke ng benepisyo ay makukuha o hindi. Ito ay nakasalaly sa kung ang mabibilang na kita ay higit o mas mababa substantial gainful activity (SGA), \$1,090/month sa 2015 (\$1,820 para sa mga bulag)	Ang tseke ng benepisyo ay mababawasan ng \$1 kada \$2 na kita pagkatapos ng \$85 kada buwan (kung walang kita pagkatapos na unang \$65 kada buwan).
Mga Gastos na mag Kaugnayan sa Kapansanan (IRWE)	Ang mga sariling gastos na may kaugnayan sa kapansanan na kinakailangan upang magtrabaho ay ibabawas mula sa gross na kita upang matukoy ang mabibilang kita para sa SGA	Ang mga sariling gastos na mag kaugnayan sa kapansanan na kinakailangan upang magtrabaho ay ibabawas mula sa kita upang makalkula ang halaga ang tseke ng SSI.
Plan for Achieving Self-Support (PASS plan)	Ang mga benepisyaro ng Title II ay maaaring gamitin ang incentive sa trabaho ng SSI kung matugunan nila ang pamantayan para maging karapat-dapat ng SSI pagkatapos ibukod ang kita sa PASS Title II.	Sa ilalim ng isang naaprubahang plano, ang isang tao ay nagtatakda ng kita sa tinukoy na oras upang makamit ang tinakdang layunin sa trabaho. Ang kita at mga pinagkukunan na itinakda sa ilalim ng PASS ay ibinubukod sa pagkalkula sa halaga ng tseke ng SSI at dapat gamitin lamang sa pagbili ng mga aytem o serbisyo na may kaugnayan sa tranaho.
Mga Karagdagang Insentibo sa Trabaho	Sabsidiya o mga espesyal na kondisyon: Suporta na natanggap sa trabaho na nagreresulta sa pagtanggap ng mas malaking sahod kaysa sa halaga ng serbisyong nagawa. Ang bahagi lamang ng suweldo na sumasalamain sa halaga ng trabaho na aktwal na isinagawa ang kasama sa pagkalkula ng mabibilang na kita para sa pagsusuri ng SGA.	Pag-aaring Mahalaga para sa Pansariling Suporta (PESS): Ang mga pinagkukunang mahalaga para sa pansariling suporta ay hindi binibilang sa pagsusuri sa mga pinagkukunan. Kabilang dito ang mga pag-aaring ginagamit sa negosyo o sa trabaho bilang isang manggagawa. Mga Kita ng Istudyante na Ibinubukod (SEIE): Kung ang tao ay wala pang 22 taong gulang at regular na pumapasok sa paaralan, ang unang \$ 7,180 / year (2015) ng kita ay ibinubukod kapag kinakalkula ang halaga ng tseke ng SSI. Maximum na \$ 1,780 / month (2015).

6 Adapted from [Planning My Way to Work](#). Oregon Council on Developmental Disabilities with a permission

BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Ano ang Pagpaplano ng mga Benepisyo?⁷

Ang pagpaplano ng mga benepisyo ay para sa sinumang nais magtrabaho at tumanggap ng pera, medikal, pabahay, mga benepisyo sa pagkain at/o mga mga serbisyo sa personal na pangangalaga. Isang tagapayo sa benepisyo ang tutulong sa mga indibidwal na maunawaan ang epekto ng trabaho sa kanilang mga benepisyo at kung paano gamitin ang mga programa sa insentibo sa trabaho.

Mahalang Impormasyon tungkol sa Pagpaplano ng mga Benepisyo

1. Maraming mga tao ang nag-iisip na hindi sila makatatanggap ng mga benepisyo sa kapansanan kung magtrabaho sila, ngunit hindi ito totoo. Ang mga may kapansanan ay maaaring kumita mula sa trabaho at panatilihin ang kanilang mga benepisyo sa pamamagitan ng programa ng insentibo sa trabaho.
2. Para maging kwalipikado sa mga programang ito, ikaw ay dapat:
 - a. Tumatanggap ng SSI at/o SSDI
 - b. Sa pagitan ng 14 taong gulang at edad ng pagreretiro at
 - c. Gustong magtrabaho o nagtatrabaho
3. Ang pagpaplano ng mga benepisyo ay nakakatulong sa:
 - a. Unawain kung paano maaapektuhan ang benepisyo ng trabaho,
 - b. Hayaan kang magtrabaho hangga't maari ng hindi nababahala tungkol sa pagpapanatili ng benepisyo.
 - c. Alamin ang tungkol sa mga insentibo sa trabaho ng Social Security at iba pang mga program na tumutulong para sa mga item at serbisyo na kailangan mo upang mapanatili ang iyong trabaho, at
 - d. Alamin ang tungkol sa mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan na tumutugma sa iyong mga pangangailangan.
4. Kalkulahin kung paano nakakaapekto ang kita sa iyong mga benepisyo sa:
<https://www.dshs.wa.gov/ra/ssi-grant-calculation-earned-income>

⁷ Washington State Department of Social and Health Services. *Benefits planning*.
<https://www.dshs.wa.gov/ra/division-vocational-rehabilitation/benefits-planning>

BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Saan ako makakakuha ng suporta para sa Pagpapalano ng Mga Benepisyo?


Kung ikaw ay isang kliyente ng Division of Vocational Rehabilitation (DVR), maaari kang humiling ng mga serbisyo sa pagpapalano ng benepisyo.

Ang Washington State ay mayroon ding dalawang programa sa pagpapayo sa benepisyo sa buong estado: **Plan to Work** at **Plan for Work**.

- Ang parehong mga programa ay libre sa mga karapat-dapat na kalahok
- Ang parehong mga programa ay nag-aalok ng parehong mga serbisyo at magagamit sa buong estado.
- Maaari mong i-access ang mga serbisyo sa personal o sa pamamagitan ng telepono.

Ipinapakita ng mapa na ito:

- **Plan to Work's** lugar ng serbisyo sa green
- **Plan for Work's** lugar ng serbisyo sa dalanda



(Source: <http://community-minded.org/plan-to-work>)

Para mag-enroll sa Plan to Work, tumawag sa 866-497-9443, pumunta sa www.plantowork.org.

Upang gumawa ng appointment sa Plan for Work, mag-email pfw@DROregon.org o tumawag sa 1-800-452-1694, x 227 (toll-free) or 503-243-2081.

*Mag-iwan ng isang voicemail ng iyong pangalan, impormasyon sa pagkontak at interes sa pagpapalano ng mga benepisyo.



BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

MGA SERBISYONG BATAY SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Ano ang programang Apple Health for Workers with Disabilities (HWD)?⁸

Sa pamamagitan ng programang Healthcare for Workers with Disabilities (HWD), ang mga empleyadong may kapansanan ay maaaring bumili ng medikal na coverage na may buwanang bayad na nababagay sa kanilang kita.

Ang HWD ay nagbibigay ng access sa mga serbisyo ng Medicaid Personal Care at Home and Community Based waiver programs ng Developmental Disabilities Administration (DDA) at Home and Community Services (HCS).

Mahalagang impormasyon tungkol sa HWD⁴

1. Ang mga rekisito upang maging karapat-dapat ay:
 - a. Edad 16 hanggang 64
 - b. Pumasa sa mga pederal na rekisito ng mga may kapansanan. (katulad sa SSA)
 - c. Magtrabaho ng buo o part-time (kabilang sariling hanapbuhay) at
 - d. May buwanang kita na hindi lumagpas sa 220% ng of the pederal antas ng kahirapan.
2. Ang HWD ay abot-kaya. Ang presyo ay nababagay sa iyong kita (hindi hihigit sa 7.5% ng kabuuang buwanang kita).
3. Para mag-aplay, pumunta sa: www.washingtonconnections.org.
4. Ang isang taong tumatanggap ng iba pang programa ng Medicaid ay maaaring pumili na huwag sumali sa programa ng HWD.
5. Ang isang tao ay HINDI maaaring maging saklaw ng HWD coverage kung siya ay tumatanggap ng benepisyo sa Medicaid sa ilalim ng Medically Needy Program.

Tandaan:

Kung ikaw ay tumatanggap ng benepisyo par sa mga may kapansanan at gustong magtrabahom, makipag-ugnayan sa Plan to Work o Plan for Work. Ang mga programang ito ay maaaring makatulong sa iyo na kumita at panatilihin ang iyong mga benepisyo.

⁸ Washington State Department of Social and Health Services. *Apple Health for Workers with Disabilities (HWD)*. <https://www.dshs.wa.gov/esa/community-services-offices/apple-health-workers-disabilities-hwd-program>

⁹ WAC 182-511-1000 HWD program description, June 25,2015



BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

PINANSYAL NA SEGURIDAD PARA SA MGA MAY-KAPANSANAN

Ano ang Washington State DD Endowment Trust Fund?¹⁰

Bilang isang pinamamahalaang pondo, ang **Washington State DD Endowment Trust Fund** ay nagbibigay-daan sa mga pamilya na buksan ang alinman sa Self-Settled o Third Party Settled na pondo para sa mga espesyal na pangangailangan sa minimal na gastos. Kailangang matugunan ng mga indibidwal ang tatlong kondisyon sa oras ng pagpapatala sa programa:

1. Nakatira sa estado ng Washington,
2. Matugunan ang depenisyon ng estado sa “kapansanan sa pag-unlad” ng Developmental Disabilities Administration (DDA), at
3. Edad na hindi lalagpas sa 65

Matuto ng higit pa tungkol sa **WA DD Endowment Trust Fund** sa: **1-888-754-8798** o <http://ddetf.wa.gov/>

Mahalagang Impormasyon dapat malaman tungkol sa DD Endowment Trust Fund

1. Kailangang matugunan ng mga indibidwal ang tatlong kondisyon sa oras ng pagpapatala:
 - a. Nakatira sa estado ng Washington,
 - b. Matugunan ang depenisyon ng estado sa “kapansanan sa pag-unlad” ng Developmental Disabilities Administration (DDA), at
 - c. Edad na hindi lalagpas sa 65
2. Ang DD Endowment Trust ay hinahayaan ang mga benepisyaryo na makatipid ng higit sa \$ 2,000 upang magamit sa hinaharap nang hindi nawawala ang Supplemental Security Income (SSI) at Medicaid,
3. Ang DD Endowment Trust ay nagbibigay-daan sa mga pamilya na magbukas ng pondo para sa mga espesyal na sa minimal na gastos.
4. Nagbibigay ng safety net upang makabayad sa mga serbisyo sa pagkakataong ang isang may-kapansanan ay mawalan ng mga serbisyo dahil sa pagbabawas sa badyet at mga pagbabago sa patakaran.

WA DD Endowment Trust: 1-888-754-8798 or www.ddlot.org

¹⁰ WA DD Endowment Trust Fund: <http://ddetf.wa.gov/>



BUHAY PAGKATAPOS NG SEKONDARYA

PINANSYAL NA SEGURIDAD PARA SA MGA MAY-KAPANSANAN

Ano ang Achieving a Better Life Experience Account?

Ang mga Account sa ABLE Act ay nakatuon sa sarili, ito ay nangangahulugang hindi sila nangangailangan ng tagapangasiwa o trust manager ng pondo. Katulad ng isang special needs trust, ang savings sa isang Account ng ABLE Act ay hindi kwekwentahin kapag tinutukoy ang pagiging karapat-dapat para sa SSI at Medicaid hangga't ang halaga ay hindi lalampas sa itinakdang halaga

Mga Importanteng Impormasyong tungkol sa ABLE Account¹¹

1. Kailangang maipasa ng mga indibidwal ang sumsunod na mga kraytera sa pagiging karapat-dapat:
 - a. Magkaroon ng makabuluhang kapansanan na nagsimula ng wala pang *edad na 26*.
 - i. Karapat-dapat ang mga Indibidwal na tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI at / o SSDI upang magtatag ng isang ABLE account hangga't natutugunan nila ang pamantayan sa edad.
 - ii. Ang mga karapat-dapat na indibidwal ay hindi kailangang wala pang 26 taong gulang upang magbukas ng ABLE account.
2. Ang mga indibidwal na may mga kapansanan at pamilya ay maaaring mag-ambag sa ABLE account ng hanggang \$14,000 sa isang buwisang taon.
3. Kapag ang isang account ng ABLE ay lumampas sa \$100,000, ang benepisyo ng SSI cash benepisyaryo ay masuspinde hanggang ang account ay bumaba kaysa \$100,000.
4. Maaaring gamitin ang account ng ABLE para sa "isang kwalipikadong gastusin sa kapansanan." Matuto ng higit pa sa: <http://www.ablenrc.org/about/what-are-able-accounts>
